

ZOLL AED 3®

Gabay para sa Administrator



Ang petsa ng pag-isyu para sa Gabay ng Tagapangasiwa ng ZOLL AED 3 (**REF** 9650-000752-74 Rev. F) ay **Agosto, 2025**.

Copyright © 2025 ZOLL Medical Corporation. Reserbado ang lahat ng karapatan. Ang AED Pro, CPR-D-padz, Pedi-padz, RapidShock, Real CPR Help, Rectilinear Biphasic, RescueNet, Stat-padz, Uni-padz, ZOLL, and ZOLL AED 3 ay mga trademark o nakarehistrong trademark ng ZOLL Medical Corporation sa United States at/o ibang bansa.



ZOLL Medical Corporation

269 Mill Road
Chelmsford, MA USA
01824-4105



ZOLL International Holding B.V.

Einsteinweg 8A
6662 PW Elst
Netherlands



0123

Layunin sa paggamit

Nilalayon sa paggamit ng ZOLL AED 3 na matulungan ang mga biktima ng biglaang atake sa puso. Sa paggamit ng mga compatible na ZOLL defibrillation electrode na nagkokonekta sa pasyente sa ZOLL AED 3, awtomatikong inaalisa ng AED ang ECG rhythm ng biktima para malaman kung kailangan bang magbigay ng electrical shock. Kung may made-detect ang AED na shockable rhythm (coarse ventricular fibrillation o malawak na complex ventricular tachycardia), aalertuhan nito ang rescuer na pinapayo ang shock at magbibigay ito ng mga tagubilin na pindutin ang kumikislap na shock button (semi-automatic na modelo) o awtomatiko itong magbibigay ng shock pagkatapos ng 3 segundong countdown (ganap na awtomatikong modelo). Pagkatapos nito, ipa-prompt ng AED ang rescuer na magsagawa ng CPR sa loob ng pauna nang naitakdang tagal ng oras.

Mga Indikasyon para sa Paggamit

Inirerekomandang gamitin ang ZOLL AED 3 system kapag halatang nagkukulang sa daloy ng dugo ang isang biktima na malamang na inaatake sa puso gaya ng ipinahihwatig ng:

- Kawalan ng malay
- Hindi paghinga, at
- Kawalan ng pulso at ibang senyales ng pagdaloy ng dugo.

Inirerekomandang gamitin ang AED 3 system para sa mga pasyenteng matanda at bata.

Mga Kontraindikasyon sa Paggamit

Huwag na huwag gamitin ang ZOLL AED 3 unit para sa defibrillation kapag ang pasyente ay

- May malay
- Humihinga, o
- May natutukoy na pulso o ibang senyales ng pagdaloy ng dugo.

Pangkalahatang Impormasyon

Pinaghihigpitan ng pederal (U.S.A) na batas ang pagbebenta ng device na ito sa doktor o sa utos ng isang doktor.

Talahayaan ng Mga Nilalaman

Paunang Salita

Mga Kagawian	vi
ZOLL AED 3 Mga Konsiderasyon sa Kaligtasan	vi
Mga Kinakailangan sa Pag-track.....	vi
Notification ng Mga Hindi Magandang Kaganapan	vii
Summary of Safety and Clinical Performance (SSCP)	viii
Serbisyong Teknikal	viii
Mga Internasyonal na Customer	viii
Ang Serial Number ng ZOLL	ix
Pahayag sa Paglilisensya ng Software.....	ix

Kabanata 1 Pangkalahatang-ideya

ZOLL AED 3 User Interface.....	2
Child Mode.....	2
Real CPR Help	2
Paggamit ng Mga Defibrillation Pad	3
Pagrerekord at Pag-store ng Data	4
Post Event na Pagsusuri.....	4
Paglilipat ng Mga File Gamit ang USB Flash Drive	4
Komunikasyon gamit ang Wi-Fi.....	4
ZOLL AED 3 Operasyon	5
Mga Kontrol at Indikasyon sa Pagpapagana	5
Graphical Display Area.....	6
AED Management Mode	6
Rescue Mode	7
Mga Audio Prompt	9

Kabanata 2 Paglilipat ng Datos

Pag-store ng Data.....	14
Pagrerekord ng Data at Audio.....	14
Pag-export ng Mga File Mula sa AED.....	15
Pag-export ng Mga File	15
Paggamit ng RescueNet [®] EventSummary Software	16
Paggamit ng RescueNet Case Review Software	16
Pag-import ng mga File Gamit ang USB Flash Drive.....	16
Pag-import ng Mga File	17
Pag-troubleshoot sa Mga Isyu sa Komunikasyon	18

Kabanata 3 Pagpapanatili

Mga Sariling Pagsusuri	21
Mga Paggana ng Sariling Pagsusuri	22
Awtomatikong Paglilipat ng Ulat sa Sariling Pagsusuri	22
Mga Opsyonal na Pagsubok sa Pagmamantini	24

Pisikal na Inspeksyon	24
Paglilinis sa ZOLL AED 3 Defibrillator	24
Opsyonal na Maintenance Test para sa Mga Teknikal na Propesyonal	25
Pamamaraan ng Test (ZOLL AED 3 at ZOLL AED 3 BLS na Mga Model).....	25
Pamamaraan ng Test (ZOLL AED 3 Mga Awtomatiko na Model)	26
Pagpapanatili ng Baterya	27
Pagtukoy sa mga Kondisyon ng Baterya.....	27
Kabanata 4 Pag-troubleshoot	
Pag-troubleshoot sa AED	29
Apendise A Mga Simbolo	
Mga Simbolo	33
Apendise B Mga Espesipikasyon	
Mga Espesipikasyon ng Defibrillator.....	37
Gabay at Deklarasyon ng Manufacturer - ElektromagnetikoGabay sa Kompatibilidad	40
Mga Katangian ng Rectilinear Biphasic Waveform	44
Mga Resulta ng Clinical Trial para sa M Series Biphasic Waveform	49
Randomized Multicenter Clinical Trial para sa Defibrillation ng Ventricular Fibrillation (VF) at Ventricular Tachycardia (VT)	49
Preklinikal na Pag-aaral	50
Nailimbag na Klinikal na Datos.....	52
Kawastuhan ng ECG Analysis Algorithm	53
Gabay sa Wireless Output at Deklarasyon ng Manufacturer.....	57
RF Transmission Emitted (IEC 60601-1-2).....	57
Abiso ng FCC.....	57
Canada, Mga Abiso ng Industry Canada (IC).....	57
Mga Wi-fi Radio Certification (available sa software version 06.03.010.8791 at mas mataas).....	58
Apendise C Mga Accessory	
Mga Aksesorya	59
Apendise D Mga Setting ng Configuration	
Pangkalahatang-ideya	61
Pag-set Up ng Iyong Wireless na Configuration	69
Pag-set Up ng Iyong Wireless na ConfigurationBersyon ng software 03.03.xxx.yyyy at mas mababa).....	69
Para sa IT Setup Lang	70
Pagpasok sa Supervisor Configuration Mode	70
Pag-set up ng Configuration ng Wi-Fi para sa Klinikal na Archive ...	71

Pag-set Up ng Configuration ng Wi-Fi para sa Kasaysayan ng Device	74
Pag-set Up ng Iyong Wireless na Configuration (Bersyon ng Software 04.03.xxx.yyyy at mas mataas).....	79
Pagpasok sa Supervisor Configuration Mode	79
Pag-set Up ng Mga Setting ng Network	80
Pag-configure sa Listahan ng Access Point	81
Pag-set Up ng Configuration ng Wi-Fi para sa Klinikal na Archive ...	83
Pag-set Up ng Configuration ng Wi-Fi para sa Kasaysayan ng Device	84

Paunang Salita

Ang ZOLL AED 3[®] defibrillator ay Automated External Defibrillator o AED na dinisenyo para gamitin sa mga matatanda at batang biktima ng biglaang pag-atake sa puso. Nagsasama ang defibrillator ng pagkakasunud-sunod na mga audio at visual na senyas para matulungan ang mga tagapagligtas na sundin ang itinatag na kasalukuyang Mga Alituntunin ng AHA/ERC/ILCOR para sa paggamit ng AEDs.

Nagbibigay ang gabay na ito ng impormasyon tungkol sa operasyon at pag-aalaga ng ZOLL AED 3 defibrillator. Ang *ZOLL AED 3 Gabay ng Administrator* ay gagamitin ng trained na medical personnel kasabay ng *ZOLL AED 3 Manwal ng Operator*.

Naglalaman ang gabay na ito ng sumusunod na mga seksyon:

Kabanata 1—Pangkalahatang-ideya naglalarawan ng pangkalahatang-ideya ng produkto ng ZOLL AED 3 defibrillator.

Kabanata 1—Paglipat ng Datos nagbibigay ng mga tagubilin kung paano ilipat ang datos na nakaimbak sa AED.

Kabanata 3—Pagpapanatili ibinibigay ang mga inirerekomendang pamamaraan para sa pagsusuri ng kondisyon at pagganap ng ZOLL AED 3 defibrillator.

Kabanata 4—Pag-troubleshoot naglalarawan ng mga posibleng problema at solusyon inililista ang mga error message na nagpapahiwatig na nangangailangan ng serbisyong teknikal ang AED.

Apendiks A—Naglalaman ng listahan ng mga simbolo na maaaring gamitin sa gabay na ito o sa ZOLL AED 3 defibrillator.

Apendiks B—Naglalaman ng ispesipikasyong impormasyon at ng ZOLL® Rectilinear Biphasic™ na mga waveform na ginagawa kapag ZOLL AED 3 nadiskarga ang defibrillator sa mga load na 25, 50, 75, 100, 125, 150, and 175 ohms sa bawat setting ng enerhiya (200, 150, 120, 85, 70, and 50 joules).

Apendiks C—Naglalaman ng listahan ng mga aksesorya para sa ZOLL AED 3 defibrillator.

Apendise D—Naglalaman ng mga kahulugan ng lahat ng mga setting ng kumpigurasyon para sa ZOLL AED 3 defibrillator at nagbibigay ng mga tagubilin para sa pag-set up ng wireless configuration mo.

Mga Kagawian

Sa buong dokumentong ito, ang mga text prompt at voice prompt ay isinasaad ng mga naka-capital at naka-italicize na titik, tulad ng *HUMINGI NG TULONG*.

BABALA! Inilalarawan ng mga babalang pahayag ang mga kundisyon o pagkilos na puwedeng magresulta sa personal na pinsala o kamatayan.

PAG-IINGAT Inilalarawan ng mga pahayag ng pag-iingat ang mga kundisyon o pagkilos na puwedeng magresulta sa pagkasira ng defibrillator.

TANDAAN Naglalaman ang mga tala ng mahalagang karagdagang impormasyon sa paggamit ng defibrillator.

ZOLL AED 3 Mga Konsiderasyon sa Kaligtasan

Kwalipikadong tauhan lamang ang dapat kumumpuni sa ZOLL AED 3 defibrillator. Bago gamitin ang defibrillator na ito, basahin ang *ZOLL AED 3 Manwal ng Operator*. Bago kumumpuni ng anumang kagamitan, suriin ang mga pagsasaalang-alang sa kaligtasang ito at basahing mabuti ang manwal na ito.

BABALA! Kayang mag-generate ng ZOLL AED 3 defibrillator ng kasing lakas ng 2250 na boltahe na may sapat na current para magsanhi ng mga nakakamatay na shock.

BABALA! HUWAG magsagawa ng anumang di-awtorisadong pagbabago sa ZOLL AED 3 defibrillator.

Bago diskargahin ang defibrillator, balaan ang lahat na malapit sa kagamitan para *DUMISTANSYA*.

Huwag i-recharge, baklasin, o itapon ang baterya sa apoy. Maaaring pumutok ang baterya kung hindi nagamit nang maayos.

Mga Kinakailangan sa Pag-track

Kinakailangan ng U.S. Federal Law (21 CFR 821) ang pag-track ng mga defibrillator. Bilang may-ari ng defibrillator na ito, mayroon kang responsibilidad sa ilalim ng batas na ito para i-notify ang ZOLL Medical Corporation kung natanggap ang produktong ito, nawala, ninakaw o nasira o nai-donate, nabentang muli o kung hindi man ipinamahagi sa ibang organisasyon.

Kung maganap ang alinman sa mga pangyayaring inilarawan sa itaas, sumulat sa ZOLL Medical Corporation na may sumusunod na impormasyon:

-
1. Organisasyon ng originator - Pangalan ng Kumpanya, Pangalan at Numero ng Contact.
 2. Numero ng Bahagi/Model at Serial Number.
 3. Disposisyon ng Device (hal. natanggap, nawala, ninakaw, nasira, ipinamahagi sa ibang organisasyon).
 4. Bagong Lokasyon at/o Organisasyon (kung naiiba sa #1 sa itaas) - Pangalan ng Kumpanya, Pangalan at Numero ng Telepono ng Contact.
 5. Nag-take effect ang pagbabago ng petsa.

Notification ng Mga Hindi Magandang Kaganapan

Bilang health care provider, maaaring mayroon kang mga responsibilidad sa ilalim ng Safe Medical Devices Act (SMDA) para sa pag-uulat sa ZOLL at marahil sa Food and Drug Administration (FDA), sa paglitaw ng ilang mga kaganapan. Nagbibilang ang mga kaganapang ito, na inilarawan sa 21 CFR Bahagi 803, ng device-related na pagkamatay at malubhang pinsala o karamdaman. Sa anumang kaganapan, bilang bahagi ng aming Quality Assurance Program, dapat ma-notify ang ZOLL sa anumang device failure o sira. Kinakailangan ang impormasyong ito para matiyak na ibinibigay ng ZOLL ang pinakamataas lamang na kalidad ng mga produkto.

Kabilang sa mga posibleng hindi kaaya-ayang epekto (hal. mga komplikasyon) na nauugnay sa paggamit ng mga AED ang:

- Pagkabigo na matukoy ang shockable arrhythmia;
- Pagkabigo o pagkaantala sa pagbibigay ng defibrillation shock kapag may VF o pulseless VT na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala;
- Hindi naaangkop na enerhiya na maaaring magsanhi ng bigong defibrillation o post-shock dysfunction;
- Pinsala sa puso;
- Panganib ng sunog kapag may mataas na konsentrasyon ng oxygen o mga bagay na madaling magliyab;
- Maling pagbibigay ng shock sa isang pulse-sustaining rhythm at pagdudulot ng VF o atake sa puso;
- Aksidenteng pagkaka-shock ng user/tagamasid dahil sa pagkakadikit sa pasyente habang isinasagawa ang defibrillation;
- Aksidenteng pagkapaso ng user habang isinasagawa ang defibrillation;
- Mga komplikasyon sa epektibong pagtatasa ng ritmo at pagbibigay ng shock dahil sa interaksyon sa mga ICD (mga pacemaker) ng pasyente;
- Pagkapinsala ng pasyente dahil sa interference ng device sa iba pang equipment na ginagamit sa kritikal na pangangalaga;
- Pagkasunog ng balat kung saan inilalagay ang defibrillation pad/electrode;
- Allergic dermatitis dahil sa pagiging sensitibo sa mga materyales na ginamit sa paggawa ng defibrillation pad/electrode;
- Mga di-malalang pantal sa balat;

-
- Hindi sapat at/o naantalang pagbibigay ng CPR therapy; at
 - Nabaling mga tadyang at/o pinsalang dulot ng compression dahil sa labis na mapuwersang pagbibigay ng CPR therapy.

Kung nagkaroon ng anumang malubhang insidente kaugnay ng device, dapat iulat ang insidente sa manufacturer at sa may kapangyarihang awtoridad ng Miyembrong Estado kung nasaan ang user at/o pasyente.

Summary of Safety and Clinical Performance (SSCP)

Available ang Summary of Safety and Clinical Performance (SSCP) sa European database ng mga medikal na device (Eudamed) - <https://ec.europa.eu/tools/eudamed>.

Ang Pangunahing UDI-DI ay 08479460DSK.

Serbisyong Teknikal

Kung nangangailangan ng serbisyo ang isang produkto ng ZOLL, makipag-ugnayan sa Technical Service Department ng ZOLL o ang pinakamalapit na sales office o distributor ng ZOLL:

Telepono: 1-978-421-9655

Fax: 1-978-421-0010

Email: techsupport@zoll.com

Ihanda ang mga sumusunod na impormasyon para sa kinatawan ng Technical Service:

- Serial Number
- Paglalarawan ng problema

Kung kailangan mong ipadala ang ZOLL AED 3 defibrillator sa ZOLL Medical Corporation, kumuha ng service order request number mula sa kinatawan ng Technical Service

TANDAAN Bago ipadala ang defibrillator at battery sa ZOLL, alamin sa iyong lokal na kumpanya sa pagpapadala kung may anumang paghihigpit sa pagpapadala ng mga lithium battery.

Alisin ang battery pack mula sa defibrillator at ibalik ang AED at battery pack sa orihinal nitong lalagyan (o katumbas na packaging) kasama ng service order request number nito sa sumusunod na address:

ZOLL Medical Corporation

269 Mill Road

Chelmsford, MA 01824-4105

Attn: Technical Service Department

Mga Internasyonal na Customer

Dapat alisin ng mga customer sa labas ng United States ang battery pack mula sa AED at ibalik ang AED at battery pack sa orihinal nitong lalagyan (o katumbas na packaging) sa pinakamalapit na awtorisadong ZOLL Medical Corporation Service Center. Para maghanap ng awtorisadong service center, makipag-

ugnayan sa pinakamalapit na sales office o awtorisadong distributor ng ZOLL. Para sa listahan ng mga tanggapan ng ZOLL, bisitahin ang:
<http://www.zoll.com/contact/worldwide-locations/>.

Ang Serial Number ng ZOLL

Ang bawat produkto ng ZOLL ay nagpapakita ng serial number na naglalaman ng impormasyon tungkol sa produktong iyon. Ang format ay ang sumusunod:

Serial number	??YYMXXXXXX
??	AX = ZOLL AED 3, Pamantayan BX = ZOLL AED 3, Aviation
YY	Ang huling dalawang digit ng taon ng paggawa. Halimbawa, lumalabas ang "23" para sa mga produktong ginawa noong 2023.
M	Ang buwan ng paggawa. "A" para sa Enero, "B" para sa Pebrero, "C" para sa Marso, at iba pa hanggang "L" para sa Disyembre.
XXXXXX	Natatanging 6-digit na code ng sequential alphanumeric.

Pahayag sa Paglilisensya ng Software

Nilisensyahan ng ZOLL Medical Corporation ang ilang mga software component na isinama sa produktong ito sa ilalim ng iba-ibang open source na lisensya. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa <https://info.zoll.com/aed-3-software-licenses>.

Kabanata 1

Pangkalahatang-ideya

Ang ZOLL AED 3 defibrillator ay Automated External Defibrillator o AED na dinisenyo para gamitin sa mga matatanda at batang biktima ng biglaang pag-atake sa puso. Gumagamit ang AED ng mga audio at visual na mga prompt para gabayan ang rescuer sa sunud-sunod na resuscitation na maaaring may kasamang defibrillation at/o cardiopulmonary resuscitation (CPR). May touch screen na liquid crystal display (LCD) ang ZOLL AED 3 defibrillator at gumagamit ng mga natatanggal na defibrillation pad. May kasamang intelligent CPR sensor ang mga defibrillation pad na nagbibigay-daan sa AED para masubaybayan ang mga compression sa dibdib at magbigay ng feedback sa CPR.

Naglalaman ang gabay na ito ng mga tagubilin sa lahat ZOLL AED 3 na mga modelo:

- ZOLL AED 3 — Gumagana sa Mode na Bahagyang Awtomatiko. May kasamang mga lay rescuer na prompt at graphics, at Real CPR Help® para sa pagsubaybay ng CPR at feedback.
- ZOLL AED 3 **Awtomatiko** — Gumagana sa Mode na Ganap na Awtomatiko. May kasamang mga lay rescuer na prompt at graphics, at Real CPR Help para sa pagsubaybay ng CPR at feedback.
- ZOLL AED 3 **BLS** — Gumagana sa Mode na Bahagyang Awtomatiko. May kasamang Real CPR Help para sa pagsubaybay ng CPR at puna, opsyonal na ECG display ng pasyente, Dashboard ng CPR, opsyonal na lay rescuer graphics, at opsyonal na pagrekord ng audio.

Kapag nagkakabit ang rescuer ng mga defibrillation pad sa dibdib ng pasyente, sinusubaybayan at sinusuri ng AED ang electrocardiographic (ECG) na ritmo ng puso ng pasyente para matukoy kung shockable ang ECG na ritmo o hindi. Kung maka-detect ang AED ng shockable na ritmo, nag-iisyu ito ng mga tagubilin na ibigay ang shock ng (bahagyang awtomatiko) o awtomatikong dalhin ang shock (ganap na awtomatiko). Sinesenyasan ng ZOLL AED 3 defibrillator ang rescuer para magsagawa ng CPR sa isang yugto ng panahon (nakumpigura ng Tagapangasiwa ng AED), na awtomatikong nagpapasimula pagkatapos ang AED ng bagong pagsusuri ng ECG.

ZOLL AED 3 User Interface

May Status Indicator ang ZOLL AED 3 defibrillator na nagpapahintulot sa iyo na mabilisang makita kung pumasa ito sa huling pagsusuri nito at maaari nang gamitin. Nagbibigay ang nasa sentrong front panel na LCD screen ng mga text prompt, rescue graphics, at impormasyon ng insidente. Nagbibigay ang AED defibrillator ng mga audio prompt sa pamamagitan ng speaker na matatagpuan sa harapan ng AED. May button ng Pag-on/Pag-off ang front panel ng AED sa kaliwang bahagi sa itaas ng device at Shock button sa ilalim ng LCD screen. Mayroon din itong Child button para sa mga pasyente na mas mababa sa 8 taong gulang o may timbang na mas mababa sa 25 kg. May dalawang mode sa paggana ang ZOLL AED 3 defibrillator: AED Management Mode at Rescue Mode. Sa AED Management Mode, pinapahintulutan ka ng mga icon sa touch screen na baguhin ang mga setting ng pagsasaayos at mag-upload ng mga klinikal na archive, kasaysayan ng device, at mga file ng pagsasaayos. Mayroon ding Supervisor menu para sa mga advanced na gumagamit para gumawa ng mas maraming mga complex na pagbabago sa AED, tulad ng pagsasaayos ng device, mga shock setting, at mga setting ng CPR.

Sa Rescue Mode, nagpapakita ang LCD screen ng graphics na pinagtugma sa mga audio prompt para gabayan ang rescuer sa mga kinakailangang hakbang para magsagawa ng rescue. Tinutukoy ng mga lokal na protocol ang mga hakbang na may kasamang graphics at mga audio prompt para magamit ng AED.

Child Mode

May Child mode ang ZOLL AED 3 defibrillator na maaaring paganahin sa dalawang paraan: kapag gumagamit ang rescuer ng mga ZOLL CPR Uni-padz[®] defibrillation pad at pinindot ang Child button, o kapag gumagamit ang rescuer ng mga ZOLL Pedi-padz[®] II defibrillation pad. Sa mode na ito, gumagamit ang AED ng isinaayos na mga setting ng pediatric na enerhiya na mas mababang mga dose ng enerhiya kaysa sa ginagamit sa mga matatanda. Gumagamit din ang ZOLL AED 3 defibrillator ng pediatric AED analysis algorithm na partikular na idinisenyo para sa ECG ng bata. Nakikilala nang tumpak ng algorithm na ito ang shockable sa hindi shockable na mga ritmo sa pediatric na pasyente.

Real CPR Help

May kasamang sensor ang mga ZOLL AED 3 CPR Uni-padz defibrillation pad na nade-detect ang rate at depth ng mga compression sa dibdib. Bahagi ng mga defibrillation pad ang sensor na ito na inilalagay ng rescuer sa dibdib ng

pasyente, at dapat na ilagay sa pagitan ng mga kamay mo at ng lower sternum ng pasyente. Kapag magsagawa ng mga CPR compression ang rescuer, nade-detect ng sensor ang rate at depth at ipinapadala ang impormasyon sa AED. May kasamang CPR audio metronome function ang ZOLL AED 3 defibrillator na dinisenyo para hikayatin ang rescuer na magsagawa ng mga compression sa dibdib sa inirerekomendang minimum rate ng AHA/ERC/ILCOR na hindi bababa sa 100 compression bawat minuto (compressions per minute o CPM). Nagsasagawa ang AED ng pagsubaybay sa CPR, sinisenyasan ang rescuer, at nagtatala ng mga compression sa dibdib sa klinikal na file ng pasyente.

BABALA! Hindi pinapagana ang mga Real CPR Help audio prompt sa Child mode.

Kapag nagsasagawa ng CPR sa mga pasyenteng matanda, maaaring mag-isyu ang ZOLL AED 3 defibrillator ng isa o higit pang audible prompt batay sa depth ng na-detect na mga compression sa dibdib. Kung matukoy ng Real CPR Help na hindi nagbabagong mas mababa kaysa sa value ng *Indikasyon ng Magandang CPR Depth* setting, nag-iisyu ang AED ng *MAS DIINAN* na prompt. Nag-iisyu ang AED ng *MAGANDANG COMPRESSION* na prompt kung rumeresponde ang rescuer sa pamamagitan ng pagtaas ng compression depth sa value ng *Indikasyon ng Good CPR Depth* na setting o higit pa.

Paggamit ng Mga Defibrillation Pad

Compatible ang ZOLL AED 3 defibrillator sa mga sumusunod na pad na pang-matanda at pambata.

- CPR Uni-padz (para sa mga matanda at bata)
- CPR-D-Uni-padz® (para lamang sa mga matanda)
- CPR Stat-padz® (para lamang sa mga matatanda)
- Stat-padz II (para lamang sa mga matatanda)
- Pedi-padz II (para lamang sa mga bata)
- OneStep Basic Electrodes na may Berdeng Connector
- OneStep CPR A/A Electrodes na may Berdeng Connector
- OneStep Pediatric Electrodes na may Berdeng Connector

Siguruhing naaangkop para sa pasyente ang mga ginamit na defibrillation pad.

TANDAAN Kapag ginagamit ang CPR Uni-padz kasama ang pasyenteng bata, kailangang pindutin ng rescuer ang Child button.

TANDAAN Kapag ginagamit ang Pedi-padz II, awtomatikong umiilaw ang Child button.

TANDAAN Ipinapakita lamang ang lay rescuer graphics kapag ginagamit ang CPR Uni-padz.

Konektado ang package ng CPR Uni-padz sa AED sa pamamagitan ng cable. Naglalaman ang package ng mga defibrillation pad na ikinakabit ng rescuer sa pasyente. May kasama ang pad package na gunting para sa paggupit ng damit o buhok sa dibdib ng pasyente.

Kung hindi nakakabit nang maigi ang cable ng mga defibrillation pad, nag-iisyu ang AED ng prompt na *ISAKSAK ANG CABLE NG MGA PAD*. Siguruhing ikabit ang cable ng defibrillation pad sa ZOLL AED 3 defibrillator at ikabit nang maigi ang mga pad sa pasyente.

BABALA! Kailangang naka-pre attach ang mga defibrillation pad sa device. Panatiliing nakakonekta ang cable ng mga defibrillation pad sa AED sa lahat ng panahon.

TANDAAN Hindi nagtataglay ng mga mapanganib na materyal ang mga defibrillation pad at maaaring itapon sa pangkalahatang basurahan maliban na lang kung kontaminado ng mga pathogen. Kung kontaminado, dapat gamitan ng mga naaangkop na pag-iingat sa kanilang pagtatapon.

TANDAAN Ang mga defibrillator pad ay defibrillation-proof Type BF na applied parts.

BABALA! HUWAG gamitin ulit ang mga defibrillation pad.

Pagrerekord at Pag-store ng Data

Kayang magrekord at mag-imbak ang lahat ng mga ZOLL AED 3 modelo hanggang 120 minuto ng tuluy-tuloy na ECG/audio at data ng klinikal na kaganapan habang may rescue o kaso ng pasyente. Tingnan ang "Pagrerekord ng Data at Audio" sa pahina 14 para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa function na ito.

Post Event na Pagsusuri

Awtomatikong nag-imbak ang lahat ng ZOLL AED 3 na modelo ng klinikal na data ng pasyente at kasaysayan ng device sa pangmatagalang memorya.

- Klinikal na data ng pasyente (mga klinikal na archive) — May kasamang notasyon ng petsa at oras na maaari mong tingnan at suriin gamit ang mga produktong software para sa klinikal na pagsusuri ng ZOLL.
- Kasaysayan ng device — Log ng impormasyon ng status ng device na maaari mong ma-view at masuri. Maaari mong ilipat ang file na ito sa Wi-Fi o i-upload ito gamit ang USB flash drive.

Paglilipat ng Mga File Gamit ang USB Flash Drive

Mayroong USB port ang lahat ng mga ZOLL AED 3 na modelo na nagpapahintulot sa iyo na mag-export at mag-save ng mga setting ng pagsasaayos, mga klinikal na archive, at kasaysayan ng device sa USB Flash Drive. Nagbibigay-daan ang feature na ito sa iyo upang madaling kumopya ng pagsasaayos mula sa isang AED patungo sa ibang mga AED. Nagbibigay-daan din sa iyo ang USB port na mag-import ng bagong system software para agad na i-upgrade ang AED.


Komunikasyon gamit ang Wi-Fi

Mayroong wireless communication ang lahat ng mga ZOLL AED 3 na modelo na nagbibigay ng awtomatikong pag-upload ng mga self-test na ulat at on-demand na paglipat ng mga klinikal na archive ng pasyente at impormasyon sa kasaysayan ng device sa pamamagitan ng wireless access point.

ZOLL AED 3 Operasyon


Mga Kontrol at Indikasyon sa Pagpapagana

Inilalarawan ng seksyong ito ang mga function na mga control sa harap ng ZOLL AED 3 defibrillator.




Button sa PAG-ON/PAG-OFF — I-ON o I-OFF ang power.

Kapag pinindot nang hindi bababa sa 5 segundo, magsasagawa ng self-test ang AED at papasok sa AED Management Mode.



Nakapasa ang
AED sa Pagsubok
sa Sarili



Hindi Nakapasa ang
AED sa Pagsubok
sa Sarili

Window ng Tagapagpahiwatig ng Status — Ipinapahiwatig ng berdeng check na pumasa ang AED sa self-test nito at handa nang magamit.

Ipinapahiwatig ng blankong window na bumagsak ang AED sa self-test nito at hindi handang magamit.

Speaker — Nagbibigay ng mga audio prompt at metronome na beep na pamahalaan sa mga rescuer kung anong gagawin sa rescue; nagbibigay rin ng mga audio prompt para ipahiwatig kung kinakailangan ang serbisyo.

Defibrillation Pad Connector — Ginagamit ang connector na ito para magkabit ng mga defibrillation pad sa AED.

Liquid Crystal Display (LCD) Screen — 5.3 x 9.5 sentimetro na touch screen para sa display at input ng user. Sa panahon ng pag-rescue, nagpapakita ito ng mga graphics at text message para gabayan ang rescuer.



Shock Button — Umiilaw kapag na-charge ang AED at handa nang magbigay ng shock sa pasyente.

Kapag pinindot, idi-discharge ng na-charge at nakahandang AED ang enerhiya nito sa pasyente.



Child Button — Kung gamit ang CPR Uni-padz, umiilaw kapag pinindot. Nagpapahiwatig ang umiilaw na button na nasa Child Mode ang AED para maghanda ng pag-rescue para sa pediatric na pasyente. Awtomatikong umiilaw kapag gamit ang Pedi-padz II.

USB Connector Compartment — Nagtataglay ng connection para sa USB flash drive kapag nag-i-import o nag-e-export ng mga file o mula sa AED.

Battery Compartment — Humahawak sa gamit na battery pack para paganahin ang AED.


Pagbitbit sa Handle — Ang strap ang dinisenyo para sa pagbitbit ng AED.

Bar ng Suporta — Ang brace na bumubukas para hawakan ang AED nang patayo.

Graphical Display Area

May 5.3 x 9.5 sentimetro na LCD screen ang ZOLL AED 3 defibrillator na ipinapakita ang mga sumusunod na impormasyon sa mga mode sa seksyong ito: AED Management Mode at Rescue Mode.

AED Management Mode



Rescue Mode

Ipinapakita ng mga ZOLL AED 3 at ZOLL AED 3 *Awtomatikong* modelo ang Lay Rescuer na display, habang maisasaayos ang ZOLL AED 3 *BLS* na modelo para ipakita ang mga Lay Rescuer, CPR only, o CPR at ECG na display.

Lay Rescuer na Display



Countdown Timer ng CPR -- Ipinahihiwatig ang nalalabing oras sa interval ng CPR.


Tagapagpahiwatig ng Depth ng Compression ng CPR (Mga Matandang Pasyente Lamang) -- My bar graph na ipinapakita ang depth ng nasukat na mga chest compression habang nagsasagawa ang rescuer ng CPR. Nakikita ang mga tagapagpahiwatig na linya sa bar graph sa mga setting ng *Indikasyon ng Magandang CPR Depth* at *Indikasyon ng Max CPR Depth* at nagbibigay ng mga reference point para sa mga rescuer na nagsasagawa ng CPR.

Prompt ng User -- Nagpapakita ng biswal na mensahe sa screen habang nag-iisyu ng audio prompt nang sabay-sabay.

Lumipas na Oras ng Kaganapan -- Ipinapakita ang panahon na lumipas mula pa sa simula ng rescue.

Bilang ng Mga Shock -- Ipinapahiwatig ang kabuuang bilang ng mga shock na binigay sa rescue.

Mga CPR Only/CPR at ECG na Display (ZOLL AED 3 Mga BLS na modelo lamang)



Depth ng Compression ng Dibdib — Inilalarawan ang depth ng mga kasalukuyang CPR compression.

TANDAAN (Mga Matandang pasyente lamang) Kung nasa labas ng inirerekomendang AHA/ERC range ang compression ng dibdib, tinatampok ng AED ang depth value sa loob ng pulang kahon.

Compression Rate ng Dibdib — Inilalarawan ang rate ng mga kasalukuyang CPR compression.

TANDAAN (Mga Matandang pasyente lamang) Kung nasa labas ng inirerekomendang AHA/ERC range ang compression rate, tinatampok ng AED ang rate value sa loob ng pulang kahon.

Countdown Timer ng CPR — Ipinahihwatig ang nalalabing oras sa interval ng CPR.

Ritmo ng ECG (opsyonal) — Ipinapakita ang kasalukuyang waveform ng ECG.

Prompt ng User — Nagpapakita ng biswal na mensahe sa screen habang nag-iisyu ng audio prompt nang sabay-sabay.

Lumipas na Oras ng Kaganapan — Ipinapahiwatig ang panahon na lumipas mula pa sa simula ng rescue.

Bilang ng Mga Shock — Ipinapahiwatig ang kabuuang bilang ng mga shock na ibinigay sa rescue.

Mga Audio Prompt

Sa klinikal na paggamit ng ZOLL AED 3 defibrillator, maaari mong marinig ang mga sumusunod na audio prompt:

Talahanayan 1. Mga Klinikal na Audio Prompt

Audio Prompt	Kahulugan/Aksyon
<i>AWTOMATIKONG DEFIBRILLATOR</i>	Ganap na awtomatikong modelo ang AED na may kakayahang awtomatikong i-shock ang pasyente nang hindi kinakailangang pindutin ng rescuer ang Shock button.
<i>OK ANG YUNIT</i>	Matagumpay na nakapasa ang AED sa mga power up self test nito.
<i>HINDI GUMANA ANG YUNIT</i>	Bumagsak ang AED sa mga power up self-test nito at hindi magagamit sa pagaalaga ng pasyente.
<i>PALITAN ANG BATERYA</i>	Naka-detect ang ZOLL AED 3 self test ng low battery condition na hindi sapat para sa paggamit sa AED sa pagaalaga sa pasyente. Palitan ng bago ang pack ng baterya sa lalong madaling panahon.
<i>ISAKSAK ANG CABLE NG MGA PAD</i>	Siguruhaing nakakabit maigi ang defibrillation cable sa ZOLL AED 3 defibrillation connector.
<i>IKABIT ANG MGA TAMANG DEFIB PAD</i>	Hindi compatible ang mga pad na nakakonekta sa ZOLL AED 3 defibrillator.
<i>SURIIN ANG MGA PAD</i>	Hindi maayos ang pagkakadikit ng mga ikinabit na defibrillation pad sa balat ng pasyente o depektibo ang mga pad.
<i>PALITAN ANG MGA PAD</i>	May problema sa mga pad sa nakakonekta sa AED. Magkabit ng mga bagong pad sa AED.
<i>MGA PAD NA PANGMATANDA</i>	Nakakabit ang mga pangmatandang pad (CPR-D-padz, CPR Stat-padz, Stat-padz II) sa AED.
<i>MGA PAD NA PAMBATA</i>	Nakakabit ang Pedi-padz II sa AED.
<i>MANATILING KALMADO</i>	Huwag mabahala hanggat maaari at tumuon sa rescue effort.
<i>SURIIN ANG PAGTUGON</i>	Suriin ang pasyente kung tumutugon/may malay sa pamamagitan ng mahinang pag-alog at pagsigaw ng "Ayos ka lang ba?"
<i>HUMINGI NG TULONG</i>	Tumawag sa EMS para sa tulong o humiling sa nanonood na gawin ito para sa iyo.
<i>BUKSAN ANG DAANAN NG HANGIN</i>	Itihaya ang pasyente at isagawa ang Itagilid ang Ulo – Itaas ang Baba o Panga – Pagtulak nang malakas para buksan ang daanan ng hangin ng pasyente.
<i>SURIIN ANG PAGHINGA</i>	Tumingin, makinig, o makiramdam sa presensya ng paghinga at/o daloy ng hangin mula sa baga ng pasyente.

Audio Prompt	Kahulugan/Aksyon
<i>NAPILI ANG PASYENTENG MATANDA</i>	Nakakabit ang CPR Uni-padz sa AED at hindi napindot ang Child button.
<i>KUNG ANG PASYENTE AY ISANG BATA, PINDUTIN ANG CHILD BUTTON</i>	Kung mas mababa sa 8 taong gulang ang pasyente o may timbang na mas mababa sa 25 kg, pindutin ang Child button.
<i>NAPILI ANG PASYENTENG BATA</i>	Pinindot ng rescuer ang Child button para ipahiwatig na bata ang pasyente.
<i>ALISIN ANG PACKAGE NG PAD</i>	Alisin ang pakete ng defibrillation pad mula sa likod ng AED.
<i>GUPITIN O PUNITIN ANG DAMIT UPANG ILANTAD ANG HUBAD NA DIBDIB NG PASYENTE</i>	Kung kailangan, gumamit ng gunting para ganap na alisin ang damit ng pasyente.
<i>TANGGALIN ANG LAHAT NG DAMIT NG BATA, GUPITIN O PUNITIN KUNG KAILANGAN</i>	Kung kailangan, gumamit ng gunting para ganap na alisin ang damit ng bata.
<i>BUKSAN ANG PAKETE NG PAD</i>	Punitin ang pakete ng defibrillation pad para ma-access ang mga defibrillation pad.
<i>IKABIT ANG MGA PAD SA HUBAD NA DIBDIB NG PASYENTE</i>	Ikabit ang mga defibrillation pad sa hubad na dibdib ng pasyente.
<i>IKABIT ANG ASUL NA PAD SA LIKOD NG BATA</i>	Ikabit ang asul na defibrillation pad sa likod ng bata gaya ng ipinapakita.
<i>PUNITIN ANG PURPLE NA SENSOR PALAYO SA BERDENG PAD</i>	Ihiwalay ang purple na sensor mula sa berdeng defibrillation pad.
<i>ILAGAY ANG PURPLE NA SENSOR SA BERDENG PAD</i>	Ilagay sa berdeng defibrillation pad ang madikit na bahagi ng purple na sensor.
<i>IKABIT ANG BERDENG PAD SA GITNA NG DIBDIB NG BATA</i>	Ikabit ang berdeng defibrillation pad sa dibdib ng bata gaya ng ipinapakita.
<i>IKABIT ANG MGA PAD SA LIKOD AT DIBDIB NG BATA</i>	Ikabit ang mga defibrillation pad sa hubad na likod at dibdib ng pasyente tulad ng ipinapakita.
<i>HUWAG HAWAKAN ANG PASYENTE SIYA'Y SINUSURI</i>	Huwag hawakan ang pasyente; ginagawa ang pagsusuri ng ritmo ng ECG o malapit nang magsimula.
<i>HINDI PINAPAYO ANG SHOCK</i>	Naka-detect ang pagsusuri ng ritmo ng ECG ng ritmo na hindi malulunasan ng defibrillation.
<i>PINAPAYO ANG SHOCK</i>	Na-detect ng pagsusuri ng ritmo ng ECG ang presensya ng ventricular fibrillation o shockable ventricular tachycardia.
<i>HUWAG HAWAKAN ANG PASYENTE. PINDUTIN ANG KUMIKISAP NA SHOCK BUTTON.</i>	Balaan lahat ng tao na naroroon na dumistansya at itigil ang paghawak sa pasyente. Pindutin ang Shock button para ibigay ang defibrillation therapy.
<i>BITAWAN ANG SHOCK BUTTON</i>	Napindot ang Shock button bago maging handa ang defibrillator na mag-defibrillate. Bitawan ang Shock button at pindutin muli matapos tumunog ang ready tone.

Audio Prompt	Kahulugan/Aksyon
<i>IBIBIGAY ANG SHOCK SA TATLO, DALAWA, ISA.</i>	(ZOLL AED 3 Awtomatikong modelo lamang) Awtomatikong ibibigay ng AED ang shock pagkatapos makumpleto ang countdown.
<i>NAGBIGAY NG SHOCK</i>	Kabibigay lang ng defibrillation shock sa pasyente.
<i>WALANG IBINIGAY NA SHOCK</i>	Walang shock na binigay sa pasyente dahil nabigo ang rescuer na pindutin ang Shock Button o may na-detect ng error condition.
<i>SIMULAN ANG CPR</i>	Simulan ang CPR.
<i>ITULAK UPANG SUMABAY SA TUNOG</i>	Inihayag sa simula ng oras ng CPR.
<i>MAS DIINAN</i>	Pare-parehong mas mababa sa 5 sentimetro ang lalim ng mga CPR compression. (Mga matandang pasyente lamang)
<i>MAGANDANG COMPRESSION</i>	Matapos sa pag-prompt ng Mas Madiing Pagtulak, tagumpay ang rescuer sa pagbibigay ng mga compression sa dibdib nang hindi bababa sa 5 sentimetro ang lalim. (Mga matandang pasyente lamang)
<i>ITULOY ANG CPR</i>	Ituloy ang pagbibigay ng CPR. Pwede ring ma-isyu ang prompt na ito kung mabigo sa pag-detect ang Real CPR Help ng mga compression sa dibdib na hindi bababa sa 2 sentimetro ang lalim.
<i>ITINIGIL ANG PAGSUSURI. PANATILIHING NAKAPIRMI ANG PASYENTE.</i>	Tumigil ang pagsusuri ng ritmo ng ECG dahil sa labis na ECG signal artifact. Itigil ang anumang nangyayaring CPR at panatiliing hindi gumagalaw ang pasyente hangga't maaari.
<i>BIGYAN NG DALAWANG HININGA</i>	Kung hindi humihinga ang pasyente, magbigay ng dalawang rescue breath.
<i>IHINTO ANG CPR</i>	Ihinto ang CPR. Magsisimula ang AED ng pagsusuri ng ritmo ng ECG.
<i>MODE NA CPR LANG</i>	Hindi gumagana nang maayos ang defibrillation; magbibigay lang ang AED ng CPR support.

Kabilang sa mga prompt na maaari mong marinig sa di-klinikal na paggamit ng ZOLL AED 3 defibrillator:

Talahanayan 2. Mga Di-Klinikal na Audio Prompt

Audio Prompt	Kahulugan
<i>PALITAN ANG MGA PAD</i>	Naka-detect ang self test ng ZOLL AED 3 na lampas na sa kanilang petsa ng expiration ang mga defibrillation pad. Palitan agad ang mga defibrillation pad.
<i>PALITAN ANG BATERYA</i>	Naka-detect ang self test ng ZOLL AED 3 na lampas na sa petsa ng expiration nito ang battery. Palitan agad ang battery pack.
<i>NAMAMATAY NA ANG YUNIT</i>	Namamatay na AED.

Kabanata 2

Paglilipat ng Datos

Awtomatikong inii-store ng ZOLL AED 3 defibrillator ang clinical na data ng pasyente at impormasyon ng kasaysayan ng device. Maaari mong ma-access and data na ito at ilipat ito sa remote na device (tulad ng computer) gamit ang alinmang USB flash drive o wireless access point. Iniimbak ng AED ang clinical event data ng pasyente na may notasyon ng petsa at oras. Maaari mong tingnan at suriin ang impormasyong ito gamit ang mga produktong software para sa klinikal na pagsusuri ng ZOLL.

Maaari kang mag-transfer ng impormasyon sa AED tulad ng software upgrade o mga setting ng kumpigurasyon na gumagamit ng USB flash drive. Nagbibigay-daan ang tampok na ito sa iyo na madaling kumopya ng pagsasaayos mula sa isang AED hanggang iba pang AED.



Device
Configuration
Icon

Para ma-transfer ang data, kailangan ang ZOLL AED 3 defibrillator sa AED Management mode. Para pumasok sa AED Management Mode, pindutin nang matagal ang button na On/Off sa loob ng hindi bababa sa 5 segundo, pagkatapos ay pindutin ang icon ng Configuration ng Device sa pangunahing display screen. Habang nasa AED Management mode, maaari kang mag-export ng data anumang oras sa USB flash drive o wireless access point.

TANDAAN Pinapanatili ng AED ang kasaysayan ng device at data ng klinikal na kaganapan kahit naka-off o kapag tinanggal ang battery pack. Kapag naka-on ang AED at nakakabit ang mga defibrillation pad sa bagong pasyente, pinapalitan ng bagong klinikal na data ang lumang klinikal na data sa sandaling naimbak ng AED ang data para sa isa o dalawang pasyente (dalawa ang default).

Pag-store ng Data

Inii-store ng ZOLL AED 3 defibrillator ang sumusunod na clinical archive ng pasyente at data ng kasaysayan ng device:

<i>Data ng Clinical Archive (.crd) (File ng Klinikal na Kaganapan)</i>	<i>Data ng Kasaysayan ng Device (.dhf) (Ulat ng Sariling Pagsusuri)</i>
• Lumipas na oras (mula nung pag-on) • Tuluy-tuloy na Data ng ECG • Bilang ng mga patient shock • Napiling enerhiya • Impedance ng pasyente • Mga audio prompt • Pag-rekord ng audio kung naaangkop) • I-on (petsa at oras) • Indikasyon ng pagkabit ng defibrillation pad • Mga Resulta ng pagsusuri ng ECG • Data ng CPR • Mga Error	• Serial number ng AED • Status ng Baterya • Impormasyon ng defibrillation pad • Revisioin number ng hardware • Revisioin number ng software • Petsa/oras at mga resulta ng huling sariling pagsusuri • Mga error code sa pinakabagong sariling pagsusuri

Bumubuo ang ZOLL AED 3 defibrillator ng data ng kasaysayan ng device kapag nagsasagawa ito ng sariling pagsusuri sa power up o nakatakdang oras sa sleep state. Sine-save ng AED ang mga isyung ito kapag nakaka-detect ito ng mga isyu sa system sa mga file ng device log.

Pagrerekord ng Data at Audio

May opsyon ng pagrerekord ng audio ang ZOLL AED 3 *BLS* na model na maaaring ma-configure ng naka-on o naka-off. Kung naka-on ang opsyon ng pagrerekord ng audio, maaaring magrekord at mag-imbak ang ZOLL AED 3 *BLS* model ng 60 minuto ng tuluy-tuloy na audio, ECG, at data ng klinikal na kaganapan. Kung naka-off ang opsyon ng pagrerekord ng audio, maaaring magrekord at mag-imbak ang ZOLL AED 3 *BLS* model ng 120 minuto na data ng klinikal na kaganapan at data ng ECG. Naka-synchronize ang nakarekord na audio data sa data ng klinikal na kaganapan. Nagsisimula ang parerekord ng audio kapag nakakabit ang mga defibrillation pad at kinukumpleto ng AED ang mga awtomatikong sariling pagsusuri nito.

Maaaring ma-configure ang mga ZOLL AED 3 model para mag-imbak ng isa o dalawang kaso ng pasyente na naglalaman ng ECG, audio (*BLS* model), at data ng klinikal na kaganapan. Kapag na-configure ang AED na magimbak ng dalawang kaso at na-detect ang klinikal na kaganapan sa rescue mode, binubura ng AED ang mas nauna sa mga kasong inimbak kamakailan sa memory bago magrekord ng data para sa kasalukuyang rescue. Kapag na-configure ang AED na magimbak ng isang kaso, binubura nito ang kasong inimbak sa memory bago magrekord ng data para sa kasalukuyang rescue. Nagaganap ang pagbura ng lumang ECG, audio, at data ng kaganapan 15 minuto pagkatapos maayos na makonekta ang mga defibrillation pad sa pasyente. Kung sinimulan ang ZOLL AED 3 defibrillator sa AED Management Mode, pananatilihin ang narekord ng data ng huling rescue at maaaring mailipat gamit ang wireless connection o USB flash drive.

Pag-export ng Mga File Mula sa AED

Maaarin mong i-export ang sumusunod na data mula sa ZOLL AED 3 defibrillator:

- Mga Klinikal na Archive (gumagamit ng USB o Wi-Fi)
- Kasaysayan ng Device (gumagamit ng USB o Wi-Fi)
- Configuration (gumagamit ng USB)

TANDAAN Kapag naglilipat ng mga file sa pamamagitan ng USB, dapat sumusunod sa USB 2.0 ang USB flash drive.

TANDAAN Hindi mo kailangan ng access ng Supervisor para mag-export ng mga file ng data sa isang USB flash drive o wireless na access point.

Pag-export ng Mga File

Gamitin ang sumusunod na pamamaraan para maglipat ng mga file mula sa AED.

TANDAAN Hindi ka maaaring maglipat ng mga file ng kumpigurasyon sa wireless connection.

Para makapaglipat ng data sa pamamagitan ng isang wireless na koneksyon, kailangan mong gumawa ng wireless na profile. Kung hindi ka pa nakakagawa, tingnan ang "Pag-set Up ng Iyong Wireless na Configuration" sa pahina 69.

BABALA! Huwag ikonekta ang AED sa computer o ibang device (via USB port) habang nakakonekta pa ang mga AED defibrillation pad sa pasyente.



Device
Configuration
icon

1. Pindutin nang matagal ang button na On/Off nang mas mahaba sa 5 segundo, pagkatapos ay pindutin ang icon ng Configuration ng Device para pumasok sa AED Management mode.
2. Kung naglilipat ka ng data:
 - Gamit ang isang wireless na koneksyon, pumunta sa hakbang 3.
 - Gamit ang isang USB flash drive, ipasok ang flash drive sa USB connector sa likod ng AED. Lumilitaw ang icon ng USB device sa () status bar sa ibaba ng display screen.



I-export
ang mga
File icon

3. Pindutin ang icon na I-export ang Mga File at piliin ang sumusunod na (mga) opsyon ng data para ilipat:
 - Mga Klinikal na Archive (lahat)
 - Mga Klinikal na Archive (bago)
 - Kasaysayan ng Device
 - Kumpigurasyon (USB lamang)

Makikita ang berdeng tsek sa tabi ng napili mong (mga) opsyon.

4. Pindutin ang **I-save (USB)** o **Ipadala (Wi-Fi)** Kapag natapos AED sa paglilipat ng data, ini-isyu ang prompt na, *PAGLILIPAT NG DATOS KUMPLETO*.
5. Pindutin ang **OK** para bumalik sa nakaraang screen.

TANDAAN Kung nag-rename ka ng file ng kumpigurasyon na may layunin ng pag-import nito sa isa pang ZOLL AED 3 defibrillator, huwag maglagay ng mga patlang sa file name.

Maaari kang maglipat ng mga klinikal na archive (data ng pasyente) para magamit sa mga produktong software para sa klinikal na pagsusuri ng ZOLL, gamit ang USB drive o Wi-Fi transmission patungo sa ZOLL Online.

Sa sandaling makapaglipat ka ng file ng kumpigurasyon sa USB flash drive, maaari mong kopyahin ito sa ibang mga ZOLL AED 3 defibrillator. Tingnan ang "Pag-import ng mga File Gamit ang USB Flash Drive" sa pahina 16 para sa higit pang impormasyon.

Paggamit ng RescueNet® EventSummary Software

Ang EventSummary software ay isang PC application na nagbibigay-daan sa iyong tingnan o i-print ang isang PDF ng sumusunod na impormasyon ng insidente ng resuscitation mula sa defibrillator:

- Pangunahing Lalagyan at Impormasyon ng Device
- Ulat ng Ganap na Paghahayag, kasama ang ECG waveform, mga prompt ng device, at CPR compression bar graph
- Ulat ng Buod ng CPR Performance
- Tala ng Insidente ng lahat ng pangyayari

Maaaring mag-set up ang mga ZOLL AED 3 user ng ZOLL Online account upang ma-enable ang mga Wi-Fi file transfer. Dahil dito, mabubuksan ng EventSummary ang mga kaso sa iyong ZOLL Online account.

Paggamit ng RescueNet Case Review Software

Ang Case Review software ay isang system sa pamamahala ng clinical na data at pag-uulat ng kalidad na batay sa cloud na hino-host ng ZOLL Online. Gamit ang kakayahan nito sa Wi-Fi, puwedeng i-configure ang ZOLL AED 3 para mag-transmit ng clinical na data ng event sa pamamagitan ng Wi-Fi papunta sa ZOLL Case Review. Kapag gumagamit ng Case Review software para pamahalaan ang clinical na data ng event, puwede mong isagawa ang mga sumusunod na paggana:

- Kolektahin ang mga clinical file sa iisang destinasyon.
- Gawing available kaagad ang data sa isang clinical quality team.
- Suriin ang kalidad ng CPR nang direkta mula sa web.
- Tingnan ang mga trend sa kalidad ng CPR at paggalaw ng data.

Bisitahin ang www.zollonline.com para sa higit pang impormasyon.

Pag-import ng mga File Gamit ang USB Flash Drive

Maaari kang mag-import ng file ng kumpigurasyon, software upgrade, o kumpigurasyon ng wireless sa AED na gumagamit ng USB flash drive. Kailangan mon ng Supervisor access para mag-import ng mga data file sa USB flash drive (tingnan ang "I-set ang Passcode ng Supervisor" sa pahina 64 para sa higit pang impormasyon).

TANDAAN Kapag nag-iimport ng mga file via USB, dapat na USB 2.0 compliant ang USB flash drive.

TANDAAN Hindi ka pinapayagan ng AED na magsagawa ng software upgrade kapag mas mababa sa 30% ang kapasidad ng baterya.

Maaari mong i-import ang mga sumusunod na uri ng file:

- Kumpigurasyon— Pinapayagan kang mag-import ng mga klinikal o kumpigurasyon ng Wi-Fi na file. Bago mag-import ng file ng kumpigurasyon, siguruhing walang puwang ang file name dito.
- Software ng System— Pinapayagan kang mag-upgrade sa pinakabagong bersyon.
- Mga Root Certificate— Pinapayagan kang mag-import ng mga file ng kumpigurasyon ng Wi-Fi para pagtibayin ang pagkakakilanlan ng server at magkakaibang elemento sa network.

Pag-import ng Mga File

Sundan ang mga hakbang para mag-import ng mga file mula sa USB flash drive papuntang AED.

BABALA! Huwag ikonekta ang AED sa computer o ibang device (via USB port) habang nakakonekta pa ang mga AED defibrillation pad sa pasyente.

1. I-insert ang USB flash drive sa USB connector sa likod ng AED.
2. Pindutin ang button sa Pag-on/Pag-off nang mas matagal sa 5 segundo. Sa sandaling ma-detect ang USB flash drive, lilitaw ang icon ng USB device () sa status bar sa ibaba ng display screen.
3. Pindutin ang icon ng Kumpigurasyon ng Device para pumasok sa AED Management mode



Configuration
Device
icon



Supervisor
Icon ng
Pag-access



I-import
ang Mga
File icon

4. Pindutin ang icon ng Access ng Tagapangasiwa, ilagay ang iyong passcode ng tagapangasiwa, at pinduting ang **OK**
5. Pindutin ang icon na I-import ang Mga File at pumili ng isa sa mga sumusunod na opsyon para mag-import:
 - Configuration
 - Software ng System
 - Mga Root Certificate

Makikita ang berdeng tsek sa tabi ng napili mong opsyon.

6. Tingnan ang talahanayan sa ibaba para matukoy ang susunod mong hakbang batay sa iyong piniling opsyon:

Opsyon	Gawin ang sumusunod	Pagkatapos
Configuration	Piliin ang (mga) sumusunod na opsyon: - Klinikal na Kumpigurasyon - Kumpigurasyon ng Wi-Fi	Pindutin ang OK . Kapag natapos ang ZOLL AED 3 sa paglilipat ng data, ini-isyu nito ang prompt na, MATAGUMPAY NA NAILIPAT ANG MGA FILE
Software ng System	Pindutin ang OK . Ini-isyu ng AED ang prompt: KAPAG NAKUMPLETO NA ANG PAG-UPGRADE NG SOFTWARE, MAGRE-RESTART ANG SYSTEM. MAGIGING BLANGKO ANG SCREEN SA PANAHOON NG PROSESONG ITO. MAAARI'NG TUMAGAL ITO NG 5 MINUTO. HUWAG I-POWER OFF SA PANAHOON ITO.	
Mga Root Certificate	Pumili ng (mga) root certificate.	Pindutin ang OK . Kapag natapos ang AED sa paglilipat ng data, ini-isyu nito ang prompt na, MATAGUMPAY NA NAI-STORE ANG MGA PINILING CERTIFICATE.

7. Pindutin ang **OK** para bumalik sa nakaraang screen.

Pag-troubleshoot sa Mga Isyu sa Komunikasyon

Nagbubuod ang mga sumusunod na mensahe ng komunikasyon na maaaring i-isyu ng ZOLL AED 3 defibrillator, at ang nauugnay na paglalarawan at/o inirerekomendang pagkilos. Kung hindi gumagana nang maayos ang AED, makipag-ugnayan sa Departamento ng Serbisyong Teknikal ng ZOLL para sa tulong. Tingnan ang "Serbisyong Teknikal" sa pahina vi para sa higit pang impormasyon.

Talahanayan 3. ZOLL AED 3 Mga Mensahe ng Error sa Komunikasyon

Mensahe	Paglalarawan/Inirerekomendang Pagkilos
<i>PAGLILIPAT NG DATOS KUMPLETO</i>	Natapos ang paglilipat ng data sa Wi-Fi.
<i>HINDI MA-SAVE ANG MGA FILE. PAKITIYAK NA NAIPASOK NANG HUSTO ANG WALANG LAMANG USB FLASH DRIVE SA DEVICE.</i>	Hindi ma-save ng AED ang mga file sa USB flash drive. I-verify na may sapat na space para i-export ang (mga) file sa USB flash drive, at nakapasok nang maigi ang flash drive sa yunit.
<i>HINDI MA-SAVE ANG FILE SA DEVICE.</i>	Hindi tagumpay ang pag-import ng file. Siguruhing may file ng kumpigurasyon (.ini) sa USB flash drive at subukan muli ang operasyon ng pag-import ng file.
<i>MATAGUMPAY NA NAILIPAT ANG MGA FILE.</i>	Matagumpay na na-import ang (mga) file mula sa USB flash drive.
<i>HINDI MA-EXPORT ANG INI-REQUEST NA FILE. PANLOOB NA ERROR.</i>	Hindi matagumpay ang pag-export ng file. I-verify ang configuration ng Wi-Fi at subukan ulit ang pag-export.

Mensahe	Paglalarawan/Inirerekomendang Pagkilos
<i>WALANG MGA CERTIFICATE NA NATAGPUAN.</i>	Walang root certificate sa USB flash drive ang magagamit sa pag-import.
<i>MATAGUMPAY NA NAI-STORE ANG MGA PINILING CERTIFICATE.</i>	Na-import sa AED ang mga root certificate.
<i>HINDI KA PA NAKAPILI NG ANUMANG FILE.</i>	Hindi ka nakakapili ng anumang file na mai-import. Piliin ang (mga) file at subukan muli ang pag-import.
<i>WALANG PANGKLINIKANG ARCHIVE.</i>	Walang file ng clinical archive (.crd) na available para i-export.
<i>WALANG MAGAGAMIT NA KASAYSAYAN NG DEVICE.</i>	Walang file ng kasaysayan ng device (.dhf) ang magagamit para i-export.
<i>WALANG MAGAGAMIT NA FILE NG KUMPIGURASYON</i>	Walang file ng kumpigurasyon (.ini) ang magagamit para i-export.
<i>ANG INI-REQUEST NA FILE AY LIPAS NA. HINDI MA-IMPORT.</i>	Hindi ma-import ng AED ang mga file ng kumpigurasyon sa USB flash drive. I-verify na katugmang bersyon ang file at subukan muli ang operasyon ng pag-export.
<i>ANG INI-REQUEST NA FILE AY NAGLALAMAN NG IMBALIDONG DATOS. HINDI MA-IMPORT.</i>	Hindi ma-import ng AED ang file mula sa USB flash drive. I-verify na balido ang file at subukan muli ang operasyon ng pag-import.
<i>ANG INI-REQUEST NA FILE AY NA-CORRUPT. HINDI MA-IMPORT.</i>	Hindi ma-import ng AED ang file mula sa USB flash drive. I-verify na balido ang file at subukan muli ang operasyon ng pag-import.
<i>ANG INI-REQUEST NA FILE AY HINDI MAHANAP. SIGURADUWIN NA NILALAMAN NG USB FLASH DRIVE ANG KAILANGANG FILE AT NAKAPASOK NANG WASTO ANG USB FLASH DRIVE SA DEVICE.</i>	Hindi mabasa ng AED ang USB flash drive. I-verify na nakapasak nang ang USB flash drive sa yunit.
<i>ANG MGA CONFIGURATION FILE AY NASE-SAVE LANG SA USB. HINDI NALILIPAT ANG MGA ITO SA PAMAMAGITAN NG WI-FI.</i>	Hindi maaaring mag-transmit ang AED ng mga file ng kumpigurasyon sa Wi-Fi.
<i>HINDI NA-ESTABLISH ANG KONEKSYON NG WI-FI HINDI MAI-TRANSMIT ANG HINIHING NG DATA.</i>	Hindi ma-transmit ng AED ang data sa Wi-Fi connection. Kung hindi ka pa nakakagawa, tingnan ang "Pag-set Up ng Iyong Wireless na Configuration" sa pahina 69.
<i>HINDI MA-INSTALL NG SYSTEM ANG MGA NAPILING CERTIFICATE. PAKITIYAK NA NAKAPASOK NANG TAMA ANG USB FLASH DRIVE.</i>	Hindi ma-save ng AED ang mga file sa USB flash drive. I-verify na nakapasak maigi ang USB flash drive sa device.
<i>HINDI MALIPAT ANG NI-REQUEST NA FILE.</i>	Hindi matagumpay ang pagsubok na i-export ang file sa USB flash drive. Subukan ulit ang paglilipat ng file.

Mensahe	Paglalarawan/Inirerekomendang Pagkilos
KAPAG NAKUMPLETO NA ANG PAG-UPGRADE NG SOFTWARE, MAGRE-RESTART ANG SYSTEM. MAGIGING BLANGKO ANG SCREEN SA PANAHOON NG PROSESONG ITO. MAAARI'NG TUMAGAL ITO NG 5 MINUTO. HUWAG I-POWER OFF SA PANAHOON ITO.	Nagsasagawa ng AED ng pag-upgrade ng software. Magintay hanggang sa makumpleto ang pag-upgrade at mag-restart ang yunit.
HINDI MA-ENABLE ANG FEATURE NA CASE PUSH SA CONFIGURATION NA ITO. DAPAT AY MAY KAHIT ISANG ACCESS POINT AT IMPORMASYON NG SERVER NA NAKUMPLETO.	Mag-configure ng kahit isang WI-Fi access point at server bago paganahin ang opsyon ng kumpigurasyong ito. Tingnan ang "Pag-set Up ng Iyong Wireless na ConfigurationBersyon ng software 03.03.xxx.yyyy at mas mababa)" sa pahina 69
HINDI MA-ENABLE ANG FEATURE NA AUTO SELF-TEST REPORT SA CONFIGURATION NA ITO. DAPAT AY MAY KAHIT ISANG ACCESS POINT AT IMPORMASYON NG SERVER NA NAKUMPLETO.	Mag-configure ng kahit isang WI-Fi access point at server bago paganahin ang opsyon ng kumpigurasyong ito. Tingnan ang "Pag-set Up ng Iyong Wireless na ConfigurationBersyon ng software 03.03.xxx.yyyy at mas mababa)" sa pahina 69".
WALA SA WASTONG BERSYON ANG WIKA PARA SA UPGRADE NA ITO.	Wala sa tamang bersyon ang file ng wika na nakapaloob sa USB drive para sa naaayong software ng device. Makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.
HINDI MAGAWA ANG PAG-UPGRADE, HINDI MAKITA SA USB DRIVE ANG NAKA-INSTALL NA WIKA.	Hindi makumpleto ng ZOLL AED 3 ang hiniling na upgrade dahil wala sa USB drive ang naaangkop na file ng wika. Makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.

Kabanata 3


Pagpapanatili

Awtomatikong nagsasagawa ang ZOLL AED 3 defibrillator ng functional testing sa panahon ng mga pana-panahong sariling pagsusuri. Mayroon ding ilang pangunahing pagsusuri sa pagpapanatili na maaaring maisagawa sa AED. Naglalaman ang seksyon ng gabay na ito ng impormasyon tungkol sa mga tungkulin na ginawa sa bawat self test pati na rin ang mga pamamaraan para mapanatili ang ZOLL AED 3 device.

Mga Sariling Pagsusuri

Nagsasagawa ang ZOLL AED 3 defibrillator ng mga sumusunod na self test para i-verify ang integridad ng AED at pagiging handa nitong magamit sa emergency:

- Paglalagay ng Battery
- Pag-on
- Manwal
- Awtomatiko (araw-araw, linggu-linggo, batay sa kumpigurasyon)
- Awtomatiko Buwan-buwan



Nakapasa ang
AED sa Pagsubok
sa Sarili



Hindi Nakapasa ang
AED sa Pagsubok
sa Sarili

Kasunod ng matagumpay na pagkumpleto sa lahat ng self test, nagpapakita ang indicator ng status ng berdeng check (✓) para ipakita na pumasa lahat ng test at handa nang gamitin ang AED.

Kung blanko ang indicator ng status na sumusunod sa pagkumpleto ng anumang self test, hindi handa ang ZOLL AED 3 defibrillator para magamit at maaaring depektibo. Alisin ang AED mula sa serbisyo at konsultahin ang seksyon, "Kabanata 4 Pag-troubleshoot" sa pahina 29 para tulungang matukoy ang problema.

Mga Paggana ng Sariling Pagsusuri

Na-verify sa panahon ng mga self test ang mga sumusunod na tungkulin. Nililista ng Talahanayan 4 sa pahina 23 ang mga tungkulin ng kasama sa bawat self test.

- **Kapasidad ng baterya:** Vine-verify na nagpapakita ang indicator ng paggamit ng baterya ng sapat na kapasidad ng baterya ang nalalabi.
- **Koneksyon ng Mga Defibrillation Pad:** Vine-verify na naka-preconnect nang maigi ang mga defibrillation pad sa device.
- **Mga Defibrillation Pad/Pag-expire ng baterya:** Vine-verify na hindi lampas sa kanilang mga petsa ng expiration ang mga defibrillation pad at baterya.
- **ECG Circuitry:** Gumagana ang mga test na pagkuha ng ECG signal at pagproseso ng electronics.
- **Circuitry ng Pag-charge at Pag-discharge ng Defibrillator:** Vine-verify na gumagana ang defibrillator electronics ng device at kayang mag-charge at mag-discharge sa 2 joules. May kasama rin ang mga sumusunod na test na magkahiwalay na 200 joule charge/discharge test: Self Test na Pag-install ng baterya, Awtomatikong Buwanang Test.
- **Microprocessor Hardware/Software:** Vine-verify ang angkop na tungkulin ng AED na microprocessor electronics at ang integridad ng software na ito.
- **CPR Circuitry at Sensor:** Tinutukoy na functional ang pagsubaybay sa CPR at pag-detect ng compression depth (kung nakakonekta ang mga defibrillation pad na may CPR na functionality).
- **Audio Circuitry:** Vine-verify na gumagana ang mga voice prompt.

Awtomatikong Paglilipat ng Ulat sa Sariling Pagsusuri

Ang lahat ng ZOLL AED 3 defibrillator ay may kasamang karaniwang Program Management Onboard™ intelligent monitoring technology para maglipat ng data ng sariling pagsusuri Kung ma-configure, maaaring awtomatikong maglipat ang AED ng impormasyon ng self-test sa Wi-Fi papunta sa ZOLL PlusTrac™ na AED program management system sa isa pang AED program management provider.

Talahanayan 4. Mga Paggana ng Sariling Pagsusuri

	Sariling Pagsusuri pagkatapos Maglagay ng Battery	Sariling Pagsusuri Matapos I-on	Manual na Sariling Pagsusuri	Awtomati-kong Sariling Pagsusuri	Awtomati-kong Monthly Test
Kapasidad ng baterya	✓	✓	✓	✓	✓
Koneksyon ng Mga Defibrillation Pad	✓	✓	✓	✓	✓
Mga Defibrillation Pad/ Pag-expire ng baterya	✓	✓	✓	✓	✓
ECG Circuitry	✓	✓	✓	✓	✓
Circuitry ng Pag-charge at Pag-discharge ng Defibrillator (2 Joule Test ng Pag-charge/ Pag-discharge)	✓	✓	✓	✓	✓
Microprocessor Hardware/Software	✓	✓	✓	✓	✓
CPR Circuitry at Sensor (kung nakakonekta ang mga defibrillation pad na may CPR na functionality)	✓	✓	✓	✓	✓
Audio Circuitry	✓	✓	✓	✓	✓
200 Joule Test ng Pag-charge/ Pag-discharge	✓				✓

Mga Opsyonal na Pagsubok sa Pagmamantini

May kasama ang seksyong ito na pisikal na inspeksyon ng ZOLL AED 3 defibrillator na dapat mong gawin nang pana-panahon. Mayroon ding opsyonal na pagsusuri sa pagpapanatili para sa mga ZOLL AED 3 model para i-verify na gumagana nang maayos ang AED at handa nang magamit. Tandaan na may dalawang magkahiwalay na opsyonal na pagsusuri sa pagpapanatili sa kabanatang ito: Isa para sa mga ZOLL AED 3 at ZOLL AED 3 *BLS* model, at isa para sa ZOLL AED 3 na *Awtomatikong* model.

Pisikal na Inspeksyon

Suriin ang sumusunod:	
1.	Ang AED ba ay malinis, walang sira, hindi mukhang gamit na gamit?
2.	I-verify na nakakonekta ang mga defibrillation pad sa AED at nakaselyo sa kanilang pakete. Palitan ang mga defibrillation pad kung nag-expire.
3.	May mga basag ba o maluwag na bahagi sa housing?
4.	I-on ang AED at i-verify na nagpapahiwatig ang berdeng tsek (✓) na handa nang magamit; i-off ito pagkatapos.

Paglilinis sa ZOLL AED 3 Defibrillator

Pagkatapos ng bawat paggamit, linisin at i-disinfect ang defibrillator ng malambot at mamasa-masang damit gamit ang 90% isopropyl alcohol, o sabon at tubig. Maaari ka ring gumamit ng chlorine na bleach at tubig na mixture (mga contact at 30 ml/litrong tubig), Clorox Healthcare Bleach Germicidal Wipes, o Metrex CaviWipes para linisin ang defibrillator (maliban sa mga contact at connector).

TANDAAN Punasan ang defibrillator ng tubig pagkatapos gumamit ng anumang solution sa paglilinis. Maaaring masira ang LCD screen dahil sa natirang chlorine dito.

HUWAG:

- Ilubog ang anumang bahagi ng defibrillator sa tubig.
- Gumamit ng mixture ng chlorine sa mga contact o connector; sisirain nito ang mga contact sa paglipas ng panahon.
- Gumamit ng mga ketone (MEK, acetone, atbp.) para linisin ang defibrillator.
- Gumamit ng mga panliha (hal., tisyu) sa display window o graphic screen.
- I-sterilize ang defibrillator.

Opsyonal na Maintenance Test para sa Mga Teknikal na Propesyonal

Bagaman awtomatikong nagsasagawa ang ZOLL AED 3 ng maintenance testing sa mga pana-panahong self test, maaari mong pana-panahong isagawa ang sumusunod na manual na test para ma-verify na gumagana ang ZOLL AED 3 nang maayos at hada nang magamit.

May dalawang test ang seksyong ito: isa para sa mga ZOLL AED 3 at ZOLL AED 3 BLS model, at isa para sa ZOLL AED 3 na mga *Awtomatikong* model.

Pamamaraan ng Test (ZOLL AED 3 at ZOLL AED 3 BLS na Mga Model)

TANDAAN Kailangan mong gamitin ang ZOLL AED Simulator sa test na ito.

1. Ikonekta ang ZOLL AED Simulator sa mga ZOLL AED 3 defibrillation pad na connector.
2. I-on ang simulator at ang ZOLL AED 3 defibrillator. I-verify na mangyari ang lahat ng sumusunod:
 - Nagbabago sa umpisa ang status indicator (na matatagpuan sa kaliwa sa itaas ng AED) mula blangko hanggang sa berdeng check (✓) sa loob ng 4 hanggang 5 segundo pagkatapos i-on ang AED.
 - Ini-isyu ng AED ang *OK ANG YUNIT* na voice prompt at ipinapakita ang mesahe sa loob ng 5 segundo pagkatapos i-power-up.
 - Ipinapakita ng AED ang bilang ng mga shock sa ibabang kaliwa ng screen at ang lumipas na oras n kaganapan (simula nung i-power-up) sa ibabang kanan ng LCD screen.
3. Gamit ang simulator, mag-input ng VF na ritmo sa AED. I-verify na pagkatapos tumuloy sa sequence nito ng mga victim assessment prompt, gagawin nito ang sumusunod:
 - Sinusuri ang ritmo na ECG.
 - Ini-isyu ang *PINAPAYO ANG SHOCK* na voice prompt.
 - Kinakargahan ang Defibrillator.
 - Ini-isyu ang *HUWAG HAWAKAN ANG PASYENTE; PINDUTIN ANG KUMIKISAP NA SHOCK BUTTON* na voice prompt.
4. I-verify na ibinibigay ag AED ang charge ready tone at kumikisap ang Shock button.
5. Pindutin ang Shock button at i-verify na ipinapakita ng simulator na nagbigay ng shock. I-verify na ipinapakita ang bilang 1 sa tabi ng shock icon sa ibabang kaliwa ng LCD screen.
6. Kasunod ng pagbigay ng shock, i-verify na ini-isyu ng AED ang *SIMULAN ANG CPR* na mga mensahe.
7. Isaaktibo ang CPR funtion ng simulator. I-verify na nagsisimulang mag-beep ang metronome at ini-isyu ang mga kasunod na voice prompt sa loob ng 60 segundo: *MAS DIINAN* kasunod ng *MAGANDANG COMPRESSION*.

-
8. Pagkatapos ng halos dalawang minuto ng CPR, i-verify na na-isyu ang *IHINTO ANG CPR* prompt. I-set ang simulator sa Normal na Ritmo ng Sinus (Normal Sinus Rhythm o NSR) at i-verify na nagsisimula ang bagong pagsusuri ng ECG.
 9. I-verify na na-isyu ang prompt na *HINDI PINAPAYO ANG SHOCK*.
 10. I-off ang ZOLL AED 3 defibrillator at ang simulator.

Pamamaraan ng Test (ZOLL AED 3 Mga Awtomatiko na Model)

TANDAAN Kailangan mong gamitin ang ZOLL AED Simulator sa test na ito.

1. Ikonekta ang ZOLL AED Simulator sa mga ZOLL AED 3 defibrillation pad na connector.
2. I-on ang simulator at ang ZOLL AED 3 defibrillator. I-verify na mangyari ang lahat ng sumusunod:
 - Nagbabago sa umpisa ang status indicator (na matatagpuan sa kaliwa sa itaas ng AED) mula blangko hanggang sa berdeng check (✓) sa loob ng 4 hanggang 5 segundo pagkatapos i-on ang AED.
 - Ini-isyu ng AED ang *OK ANG YUNIT* na voice prompt at ipinapakita ang mesahe sa loob ng 5 segundo pagkatapos i-power-up.
 - Ipinapakita ng AED ang bilang ng mga shock sa ibabang kaliwa ng screen at ang lumipas na oras n kaganapan (simula nung i-power-up) sa ibabang kanan ng LCD screen.
3. Gamit ang simulator, mag-input ng VF na ritmo sa AED. I-verify na pagkatapos tumuloy sa sequence nito ng mga victim assessment prompt, gagawin nito ang sumusunod:
 - Sinusuri ang ritmo na ECG.
 - Ini-isyu ang *PINAPAYO ANG SHOCK* na voice prompt.
 - Kinakargahan ang Defibrillator.
 - Ini-isyu ang *HUWAG HAWAKAN ANG PASYENTE; IBIBIGAY ANG SHOCK SA TATLO, DALAWA, ISA* na voice prompt.
4. I-verify na ibinibigay ng AED ang charge ready tone at awtomatikong nagbibigay ang AED ng shock.
5. Kasunod ng pagbigay ng shock, i-verify ang sumusunod:
 - Ini-isyu ng AED ang *NAGBIGAY NG SHOCK* na mensahe.
 - Ipinapakita ng simulator na nagbigay ng shock.
 - Ipinapakita ang bilang 1 sa tabi ng shock icon sa ibabang kaliwa ng AED na LCD screen.
 - Ini-isyu ng AED ang *SIMULAN ANG CPR* na mga mensahe.
6. Isaaktibo ang CPR function ng simulator. I-verify na nagsisimulang mag-beep ang metronome at ini-isyu ang mga kasunod na voice prompt sa loob ng 60 segundo: *MAS DIINAN* kasunod ng *MAGANDANG COMPRESSION*.
7. Pagkatapos ng halos dalawang minuto ng CPR, i-verify na na-isyu ang *IHINTO ANG CPR* prompt. I-set ang simulator sa Normal na Ritmo ng Sinus (Normal Sinus Rhythm o NSR) at i-verify na nagsisimula ang bagong pagsusuri ng ECG.

8. I-verify na na-isyu ang prompt na *HINDI PINAPAYO ANG SHOCK*.
9. I-off ang ZOLL AED 3 defibrillator at ang simulator.

Pagpapanatili ng Baterya

Pagtukoy sa mga Kondisyon ng Baterya

Nade-deplete ang kapasidad ng baterya sa standby na operasyon ng ZOLL AED 3 defibrillator, habang gumagana ang AED, at bilang resulta ng bawat defibrillation. Unti-unting nababawasan ang kapasidad ng baterya sa mga taong walang paggamit. Mino-monitor ng AED ang natitirang enerhiya sa naka-install na battery pack. Kapag mababa o ubos na ang kapasidad ng baterya, hindi gagana ang ZOLL AED 3 defibrillator sa ispesipikasyon. Kapag mangyari ang kundisyon na mahina na ang baterya, ginagawa ng AED ang isa sa mga sumusunod na bagay:

- Nagbibigay ng alarm o “beep” isang beses bawat minuto (kung naka-off ang AED).
- Ini-isyu ang *PALITAN ANG BATERYA* na voice prompt (kung naka-on ang AED).
- Nagpapakita ng blangkong status indicator window (walang berdeng tsek), nagpapahiwatig na mababa ang kapasidad ng baterya o bumagsak ang ZOLL AED 3 defibrillator sa ibang sariling pagsusuri.

Talahanayan 5. Mga Kundisyon ng Baterya

Icon/Kundisyon ng Baterya	Mga Indikasyon	Pagwawasto
Mahinang Baterya na may naka-off ang AED.	Naririnig na beep mula sa AED isang beses bawat minuto.	Palitan ang pack ng baterya.
Mahinang Baterya sa power up self test	<i>PALITAN ANG BATERYA</i> na prompt (kung naka-on ang AED).	Palitan ang pack ng baterya.
Mahinang Baterya o ibang self test failure na naka-power off ang AED o sa sariling pagsusuri.	Blangko ang status indicator window (walang berdeng check) na nagpapahiwatig ng pagkabigo sa paggana (kapag naka-off).	Palitan ang bpack ng baterya. Suriin o palitan ang mga defibrillation pad. Kung manatili ang blangkong status window, makipag-ugnayan sa Departamento ng Serbisyong Teknikal ng ZOLL para sa serbisyo.

Icon/Kundisyon ng Baterya	Mga Indikasyon	Pagwawasto
Mahinang Baterya na naka-on ang AED.	<i>PALITAN ANG BATERYA</i> na prompt (naka-on ang AED). Tandaan: Sa unang abiso ng <i>PALITAN ANG BATTERY</i> kapag ginagamit ang AED, ang ZOLL AED 3 ay may sapat na enerhiya upang makapaghatid ng 3 maximum energy setting na defibrillation na mga pagdi-discharge sa 20°C (68°F), kapag nakaimbak sa 20°C (68°F).	Palitan ang pack ng baterya sa lalong madaling panahon.
Ubos na ang Baterya	Blangko ang status indicator window (walang berdeng check) na nagpapahiwatig ng pagkabigo sa paggana (kapag naka-off ang AED).	Palitan ang pack ng baterya. Kung manatili ang blangkong status window, makipag-ugnayan sa Departamento ng Serbisyong Teknikal ng ZOLL para sa serbisyo.

Kabanata 4

Pag-troubleshoot

Naglalarawan ang kabanatang ito ng mga teknikal na isyu na maaari mong makatagpo sa routine maintenance o pagkatapos masira ang ZOLL AED 3 defibrillator.

Kung hindi ka matulungan ng kabanatang ito na malutas ang problema, tawagan ang ZOLL Departamento ng Serbisyong Teknikal ng ZOLL para sa tulong. Para sa impormasyon ng contact, sumangguni sa page vi.

Pag-troubleshoot sa AED

Naglilista ang sumusunod na talahanayan ng mga isyu na maaaring mangyari at kanilang mga solusyon. Una, subukan ang mga rekomendasyon na nakalista sa ilalim ng "Aksyon ng Operator." Kung hindi malunasan ng mga hakbang na ito ang problema, sundin ang mga mungkahi sa ilalim ng "Aksyong Teknikal."

Para sa impormasyon sa pagtawag sa ZOLL Serbisyong Teknikal, sumangguni sa pahina vi.

Talahanayan 6. ZOLL AED 3 Pag-troubleshoot

Problema	Aksyon ng Operator	Aksyong Teknikal
Hindi lumalabas ang berdeng check sa window ng indicator ng status	Pindutin nang matagal ang button na On/Off sa loob ng hindi bababa sa 5 segundo para magsagawa ng sariling pagsusuri. I-verify na nakasaksak nang maigi ang cable ng mga defibrillation pad sa cable connector ng pasyente. Palitan ang mga defibrillation pad.	Kung patuloy pa rin sa pagbagsak ang AED, alisin ito sa serbisyo at makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.
<i>HINDI GUMANA ANG YUNIT</i>	I-off ang AED at saka pindutin ang button sa Pag-on/ Pag-off nang hindi bababa sa 5 segundo para magsagawa ng self-test. I-verify na nakasaksak nang maigi ang cable ng mga defibrillation pad sa cable connector ng pasyente. Palitan ang mga defibrillation pad.	Kung patuloy pa rin sa pagbagsak ang AED, alisin ito sa serbisyo at makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.
Tunog ng pag-beep kapag naka-off ang AED.	I-verify na nakasaksak nang maigi ang cable ng mga defibrillation pad sa cable connector ng pasyente. Pindutin ang button sa Pag-on/ Pag-off nang hindi bababa sa 5 segundo para magsagawa ng self-test. I-verify na lumalabas ang berdeng tsek sa window ng indicator ng status.	Kung patuloy sa pag-beep ang AED, alisin ito sa serbisyo at makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.
Pagkawala ng mga audio prompt o display	Bigyan ng isang cycle ng patay-sindi ang defibrillator sa pamamagitan ng pag-off sa AED at pagkatapos ay pag-on nitong muli.	Kung patuloy pa rin sa pagbagsak ang AED, alisin ang AED sa serbisyo at makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.
<i>PALITAN ANG BATERYA</i>	Palitan ang pack ng baterya.	Kung nagpapatuloy ang mensahe, alisin ang AED sa serbisyo at makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.
<i>ISAKSAK ANG CABLE NG MGA PAD</i>	Siguruhing nakasaksak nang maigi ang cable ng mga defibrillation pad sa cableconnector ng pasyente.	Kung nagpapatuloy ang mensahe, alisin ang AED sa serbisyo at makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.
<i>SURIIN ANG MGA PAD</i>	Ikabit muli ang mga pad.	Kung nagpapatuloy ang mensahe, magkabit ng mga bagong pad.
<i>ITINIGIL ANG PAG-SUSURI; PANATIL-IHING HINDI GUMAGALAW ANG PASYENTE</i>	Panatiliing hindi gumagalaw ang pasyente sa pagsusuri ng ECG. Kung ililipat ang pasyente sa pamamagitan ng stretcher o sasakyan, itigil lahat ng paggalaw ng pasyente sa pagsusuri.	Kung nagpapatuloy ang mensahe, alisin ang AED sa serbisyo at makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.
<i>WALANG IBINIGAY NA SHOCK</i>	Hindi pinindot ang button ng Shock o may nangyaring internal error. Kapag sinenyasang pindutin ang button, gawin sa loob ng 30 segundo.	Kung may nangyaring internal error (walang ibinigay na shock nung maayos na pinindot ang Shock button), alisin ang AED sa serbisyo at makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.

Talahanayan 6. ZOLL AED 3 Pag-troubleshoot (Itinuloy)

Problema	Aksyon ng Operator	Aksyong Teknikal
<i>BITAWAN ANG SHOCK BUTTON</i>	(ZOLL AED 3 at ZOLL AED 3 mga BLS model) Bitawan ang Shock button. Huwag pindutin ang button hanggang tumunog ang charge-ready tone at magsimulang kumisap ang button.	Kung nagpapatuloy ang mensahe, alisin ang AED sa serbisyo at makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.
<i>IKABIT ANG MGA TAMANG DEFIB PAD</i>	Ikabit ang isa sa mga sumusunod na compatible defibrillation pad sa AED. • CPR Uni-padz • CPR-D padz • CPR Stat padz • Pedi-Padz II (mga child pad) • Stat-padz II • OneStep Basic Electrodes na may Berdeng Connector • OneStep CPR A/A Electrodes na may Berdeng Connector • OneStep Pediatric Electrodes na may Berdeng Connector	Kung nagpapatuloy ang mensahe, alisin ang AED sa serbisyo at makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.
<i>PALITAN ANG MGA PAD</i>	Magkabit ng mga bagong defibrillation pad sa AED.	Kung nagpapatuloy ang mensahe, alisin ang AED sa serbisyo at makipag-ugnayan sa Serbisyong Teknikal ng ZOLL.

Apendise A


Mga Simbolo

Mga Simbolo

Maaaring gamitin ang alinman o lahat ng sumusunod na mga simbolo sa gabay na ito o sa kagamitan:

Talahanayan 7: Mga Simbolo

Simbolo	Paglalarawan
	Power On/Off.
	Child button.
	Shock button.
	Babala: Mapanganib na boltahe.
	Pangkalahatang babala.
	Babasagin, ingatan.

Simbolo	Paglalarawan
	Panatilihing tuyo.
	Ang dulong ito ay dapat nasa itaas.
	Limitasyon sa Temperatura.
Rx ONLY	Pinagbabawalan ng pederal na batas ang pagbebenta ng device na ito sa doktor o sa utos ng isang doktor.
CE	Conformité Européenne Sumusunod sa direktiba ng medikal na device 93/42/EEC.
	Ang produktong ito ay sertipikado ng Australian Communication and Media Authority.
FC	Sumusunod sa Federal Communications Commission.
	Tipo ng BF equipment na Defibrillator-proof
	Direct current (DC).
	May lithium. I-recycle o itapon nang wasto.
	Ilayo sa apoy at mataas na temperatura ng init.
	Huwag buksan, baklasin, o sadyaing sirain.
	Huwag durugin.
	Non-rechargeable na baterya.
	Ibalik sa site kung saan nangongolekta ng electrical and electronic equipment (WEEE). Huwag itapon sa sama-samang basura.

Simbolo	Paglalarawan
	Gamitin bago ang.
	Walang latex.
	Huwag gamitin ulit.
	Hindi sterile
	Nonionizing electromagnetic radiation.
	Tagagawa
	Awtorisadong kinatawan sa European Community.
	Serial Number.
	Numero ng Catalog.
	Hindi ligtas sa MR - ilayo sa magnetic resonance imaging (MRI) equipment.
	Batch code.
	Kumonsulta ng panuntunan para sa paggamit.
	Sumangguni sa manual.
	Gamitin bago ang petsa.
IP55	Protektado laban sa pagpasok ng alikabok. Protektado laban sa sumisirit na tubig.

Simbolo	Paglalarawan
	Sumusunod sa Conformity Certification System para sa Radio Equipment sa Japan.
	Sumusunod sa mga kinakailangan sa Radio Frequency (RF) sa South Korea.
CMIIT	Sumusunod sa China Ministry of Industry and Information Technology.
	Makipag-ugnayan sa serbisyong Teknikal ng ZOLL.
	Nagpapahiwatig ng isang carrier na naglalaman ng impormasyon ng Unique Device Identifier.
	Nagpapahiwatig na isang medikal na device ang item.
	Nagsasaad sa entity na nag-import ng medikal na device sa lokal.

Apendise B

Mga Espesipikasyon

Mga Espesipikasyon ng Defibrillator

Inilalarawan ng seksyong ito ang mga ispesipikasyon ng produkto para sa ZOLL AED 3 defibrillator:

Device	
Laki (H x W x D)	12.7 cm x 23.6 cm x 24.7 cm
Bigat	2.5 kg
Paggana	• pack ng baterya
Klasipikasyon ng Device	Internal na pinapagana kada EN60601-1
Mga Pamantayan ng Disenyo	Nakamit ang angkop na mga kinakailangan ng EN 60601-1, IEC 60601-1-11, EN 60601-2-4
Inaasahang Service Life	10 taon
Kapaligiran	
Temperatura Kapag Gumagana	0° hanggang 50° C
Temperatura ng Storage	-30° hanggang 70° C
Humidity (Halumigmig)	10 hanggang 95% relatibong humidity, non-condensing
Pag-vibrate	IEC 60068-2-64, Random, Spectrum A.4, Talahanayan A.8, Cat. 3b; RTCA/DO-160G, Fixed Wing Aircraft, Seksyon 8.6, Test Cat. H, Aircraft Zone 1 at 2; EN1789, Sweep per EN 60068-2-6 Test Fc
Shock	IEC 60068-2-27; 100G
Altitude	-381 m hanggang 4573 m
Pagpasok ng Particle at Tubig	IP55
Pagbagsak	1 m

Defibrillator

Waveform	Rectilinear Biphasic Sumangguni sa "Mga Katangian ng Rectilinear Biphasic Waveform" sa pahina 44 at "Mga Resulta ng Clinical Trial para sa M Series Biphasic Waveform" sa pahina 49.
Tagal ng Pag-charge ng Defibrillator	ZOLL AED 3/ZOLL AED 3 <i>BLS</i> na mga modelo: 30 segundo ZOLL AED 3 <i>Awtomatikong</i> modelo: 3 segundo bago ang awtomatikong paghahatid ng shock
Pagpili ng Enerhiya	Awtomatikong naka-preprogram na pagpili (Adult mode: 120J, 150J, 200J; Child mode: 50J, 70J, 85J inihahatid sa isang 50 ohm na pasyente)
Kaligtasan ng Pasyente	Ang lahat ng koneksyon ng pasyente ay nakahiyaw nang electrical.
Tagal ng Pag-charge	Wala pang 10 segundo sa bagong pack ng baterya. Sa ubos na ubos na pack ng baterya, mas matagal ang pag-charge.
Oras mula sa unang rhythm analysis hanggang sa na-charge na AED at handa na sa shock	Sa bagong pack ng baterya: 8 segundo Sa ubos na ubos na pack ng baterya nang 15 200J na discharge: 9 na segundo
Maximum na oras mula sa pag-on hanggang sa na-charge na AED at handa na sa shock na nasa 200J	36 na segundo
Mga electrode	CPR Uni-padz, CPR-D padz, CPR Stat-padz, Stat-padz II, Pedi-padz II, OneStep Basic Electrodes na may Green Connector, OneStep CPR A/A Electrodes na may Green Connector, o OneStep Pediatric Electrodes na may Green Connector
Naka-built in na Sariling Pagsusuri ng Defibrillator	Kasama (vine-verify ang tamang pag-charge at pag-discharge ng defibrillator)
Defibrillation Advisory	Sinusuri ang koneksyon ng defibrillation pad at ang ECG ng pasyente para malaman kung kailangan ng defibrillation.
Mga Shockable Rhythm	Ventricular fibrillation na may average na amplitude na >100 microvolts at malawak na complex ventricular tachycardia (na may haba ng QRS na > 120 msec) na may mga antas na mas mataas sa 150 BPM (adult mode) at 200 BPM (child mode). Sumangguni "Kawastuhan ng ECG Analysis Algorithm" sa pahina 53 para sa performance ng pagiging sensitibo at pagiging partikular.
Lawak ng Sukat ng Electrode Impedance ng Pasyente	10 hanggang 300 ohms
Defibrillation Electrode ECG Circuitry	Protektado
ECG	
Bandwidth ng ECG	.67-20Hz
Mga Natukoy na Pulso ng Naka-implant na Pacemaker	Hindi tinatanggihan ng ZOLL AED 3 defibrillator ang mga pulso ng naka-implant na pacemaker.

Display

Uri ng display	Liquid crystal display na may mataas na resolution at may capacitive touch panel
Natitingnang Bahagi (taas • lapad)	5.39 cm • 9.5 cm
ECG Sweep Speed	25 mm/sec
Oras ng pagtingin sa ECG	3.84 na segundo

Pagrerekord at Pag-store ng Data

ZOLL AED 3/ ZOLL AED 3 Awtomatiko	Makukumpigura ang user sa 1 o 2 na mga clinical event para sa kabuuang 120 minuto. Kabilang ang ECG, impedance ng pasyente, mga audio prompt, at datos ng CPR.
ZOLL AED BLS	Makukumpigura ang user sa 1 o 2 na clinical event para sa kabuuang 120 minuto na hindi pinagana ang audio recording, o 60 minuto na pinagana ang audio recording. Kabilang ang ECG, impedance ng pasyente, mga audio prompt, datos ng CPR, at opsyonal na audio recording.

baterya

Oras ng Paggana (Clinical Mode)	Ang tipikal na baterya na gumagana sa ambient temperature na +20° C hanggang +25° C ay maaaring magbigay ng: • 140 na mga defibrillator discharge at maximum energy (200 joules), o • 6 oras ng tuloy-tuloy na pagsubaybay (na may 2-minuto na mga CPR period) Tandaan: Ang mga CPR period na mas maikli sa 2 minuto ay maaaring makapagpababa sa oras ng paggana na maaaring makuha sa bagong baterya.
Tagal ng baterya Kapag Hindi Ginagamit (mga taon) Kapag gumagamit ng battery na hindi ginamit nang 2 taon sa 23° C at inilagay sa isang ZOLL AED 3 defibrillator.	Awtomatikong Ulat ng Sariling Pagsusuri NAKA-OFF (Default na Configuration) Pagitan ng Sariling Pagsusuri (7 araw) 5 Pagitan ng Sariling Pagsusuri (1 araw) 3 Awtomatikong Ulat ng Sariling Pagsusuri NAKA-ON Pagitan ng Sariling Pagsusuri (7 araw) 3

*Mas maikli ang baterya sa mga lugar na mahina ang signal ng Wi-Fi at/o mas kumplikadong protocol sa pag-authenticate ng Wi-Fi.

Tandaan: Ang mga pagbabago sa default na configuration ay maaaring makaapekto sa tagal ng battery ng ZOLL AED 3. Konsultahin ang iyong lokal na kinatawan ng ZOLL kung mayroon kang anumang tanong.

Pagsubaybay sa CPR

CPR	Rate ng Metronome: 105 ±2 CPM
Lalim ng Kompresyon	1.9 hanggang 10.2 cm ±0.6 cm
Antas ng Kompresyon	50 hanggang 150 compression bawat minuto

Gabay at Deklarasyon ng Manufacturer - ElektromagnetikoGabay sa Kompatibilidad 40

Ang ZOLL AED 3 defibrillator ay hindi nilalayong gamitin sa electromagnetic na kapaligiran na tinukoy sa ibaba. Ang kustomer o ang user ng AED ay kailangang siguruhin na ito ay ginagamit sa naturang kapaligiran.

Test sa mga emisyon	Pagsunod	Electromagnetic na kapaligiran - gabay
Mga RF na emisyon CISPR11	Grupo 1	Gumagamit ang AED ng RF energy para sa internal na tungkulin nito. Kung kaya, ang mga RF emission nito ay napakababa at hindi malamang na magdudulot ng anumang interference sa malapit na electronic equipment.
Mga RF na emisyon CISPR11	Klase B	Ang ZOLL AED 3 ay angkop para gamitin sa lahat ng mga establisiyamento, kabilang ang domestikong mga establisiyamento at iyong direktang konektado sa pampublikong network ng power supply na may mababang boltahe na naglalaan sa mga gusaling ginagamit para sa domestikong mga layunin.
Harmonic na Emisyon IEC 61000 3-2	Hindi angkop	
Mga Pagbabago sa Boltahe/Emisyon ng Flicker IEC 61000 3-3	Hindi angkop	

Kailangan ng espesyal na mga babala sa medikal at elektrikal na kagamitan na kaugnay ng EMC at kailangang ma-install at gamitin alinsunod sa impormasyon ng EMC na naibigay sa dokumentong ito.

Ang mahalagang pagganap ng ZOLL AED 3 defibrillator ay paghahatid ng enerhiya, ECG rhythm analysis, at CPR feedback, tulad ng tinukoy sa pahina 37 hanggang pahina 39. Kinakamit ng Ang ZOLL AED 3 defibrillator ang pangunahing kaligtasan at mahalagang pagganap kapag ito ay pinapagana sa electromagnetic na kapaligiran na tinukoy sa sumusunod na mga talahanayan.

Ang ZOLL AED 3 defibrillator ay hindi nilalayong gamitin sa electromagnetic na kapaligiran na tinukoy sa ibaba. Ang kustomer o ang user ng AED ay kailangang siguruhin na ito ay ginagamit sa naturang kapaligiran.

Test sa Imunidad	IEC 60601 na lebel ng test	Lebel ng Pagsunod	Electromagnetic na kapaligiran - gabay
Electrostatic na discharge (ESD) IEC 61000-4-2	± 8 kV na contact ± 15 kV na hangin	± 8 kV na contact ± 15 kV na hangin	Ang relatibong humidity ay kailangang hindi bababa sa 5%.
Electrical fast transient/burst IEC 61000-4-4	± 2 kV para sa mga linya ng power supply ± 1 kV para sa input/output na mga linya	Hindi angkop Hindi angkop	
Pagbugso IEC 61000-4-5	± 1 kV differential mode +/- 2 kV common mode	Hindi angkop Hindi angkop	
Mga pagbaba ng boltahe, maikling mga pagkaantala at mga pagbabago sa boltahe sa input na mga linya ng power supply. IEC 61000-4-11	<5% U_T (>95% dip in U_T) para sa 0.5 na ikot 40% U_T (60% dip in U_T) para sa 5 ikot 70% U_T (30% dip in U_T) para sa 25 ikot <5% U_T (>95% dip in U_T) para sa 5 segundo	Hindi angkop Hindi angkop Hindi angkop Hindi angkop	
Power frequency (50/60 Hz) magnetic field IEC 61000-4-8	30 A/m	30 A/m	Ang mga power frequency magnetic field at kailangang nasa mga lebel na katulad ng tipikal na lokasyon sa isang tipikal na pangkomersyal o pang-ospital na kapaligiran.
			Ang portable at mobile RF Communications equipment ay dapat gamitin nang hindi mas malapit sa anumang bahagi ng AED, kabilang ang mga kable, kaysa sa inirekomendang distansya ng paghihiwalay na kinakalkula mula sa equation na angkop sa frequency ng transmitter, o 30 cm, alinman ang mas malaki.
Inirekomendang distansya ng paghihiwalay			
Naisagawang RF IEC 61000-4-6	3 Vrms 150 kHz hanggang 80 MHz sa labas ng mga ISM band ^a	3 Vrms	$d = 1.2 \sqrt{P}$ sa labas ng mga ISM band
	10 Vrms 150 kHz hanggang 80 MHz sa labas ng mga ISM banda ^a	10 Vrms	$d = 1.2 \sqrt{P}$ sa loob ng mga ISM band

Test sa Imunidad (ipinagpatuloy)	IEC 60601 na lebel ng test (ipinagpatuloy)	Lebel ng Pagsunod (ipinagpatuloy)	Electromagnetic na kapaligiran - gabay (ipinagpatuloy)
			Inirekomendang distansya ng paghihiwalay
Radiated RF IEC 61000-4-3	10 V/m 80 MHz hanggang 2.7 GHz	10 V/m	$d = 1.2 \sqrt{P}$ 80 MHz hanggang 800 MHz
			$d = 2.3 \sqrt{P}$ 800 MHz hanggang 2.7 GHz
			kung saan P ang maximum na output power rating ng transmitter sa watts (W) ayon sa transmitter manufacturer at d ang inirekomendang distansya ng paghihiwalay sa metro (m). ^b Ang mga field strength mula sa mga fixed RF transmitter, ayon sa tinukoy ng isang electromagnetic site survey, ^c ay dapat mas mababa sa lebel ng pagsunod sa bawat frequency range. ^d Ang interference ay maaaring maganap sa bisinid ng equipment kasama ang sumusunod na simbolo: 

Angkop na gamitin ang ZOLL AED 3 defibrillator sa lahat ng mga propesyonal at domestikong establisyimento. Hindi ito nilalayong gamitin malapit sa intensyonal na mga transmitter ng radio energy sa labas ng mga range na isinaad sa talahanayan sa itaas, tulad ng high frequency surgical equipment, mga radar installation, o mga radio transmitter. Hindi rin ito nilalayong gamitin para sa fixed o rotary wing aircraft.
Hindi ligtas sa MR ang ZOLL AED 3 defibrillator. Panatiling malayo ang defibrillator mula sa magnetic resonance imaging (MRI) equipment.
Ang operasyon sa labas ng kapaligiran ito ay maaaring magresulta sa maling interpretasyon ng mga ECG rhythm o mga senyales ng CPR, interference sa mga mensahe sa display o audio, o ang kawalan ng kakayahang magbigay ng defibrillation therapy.
Ang masasamang epekto ng ESD ay maaaring kabilangan ng kawalan ng mga audio prompt o biswal na display. Tingnan ang "Chapter 4 Troubleshooting" sa pahina 29 para sa mas maraming impormasyon.

TANDAAN 1: Ang U_T ang pangunaging boltahe ng a.c. bago ang aplikasyon ng lebel ng test.

TANDAAN 2: Sa 80 MHz, angkop ang mas mataas na frequency range.

TANDAAN 3: Ang mga patnubay na ito ay maaaring hindi angkop sa lahat ng sitwasyon. Ang electromagnetic na pagpapalaganap ay apektado ng pagsipsip at repleksyon mula sa mga istruktura, bagay at tao.

^a Ang ISMO (pang-industriya, pang-agham at pangmedikal) na mga band sa pagitan ng 150 kHz at 80 MHz ay 6.765 MHz hanggang 6.795 MHz; 13.553 MHz hanggang 13.567 MHz; 26.957 MHz hanggang 27.283 MHz; at 40.66 MHz hanggang 40.70 MHz.

^b Ang mga lebel ng pagsunod sa mga ISMO frequency band sa pagitan ng 150 kHz at 80 MHz at sa frequency range na 80 MHz hanggang 2.7 GHz ay inilaan upang mabawasan ang posibilidad na ang mga mobile/portable communications equipment ay maging sanhi ng interference kung ito ay aksidenteng nadala sa mga lugar ng pasyente. Para sa dahilanang ito, ang isang karagdagang salik ng 10/3 ay ginagamit sa pagkalkula ng inirekomendang distansya ng paghihiwalay para sa mga transmitter na nasa mga frequency range na ito.

^c Ang mga field strength mula sa mga fixed transmitter, tulad ng mga base station para sa mga radio (cellular/cordless) telephone at mga land mobile radio, amateur radio, AM at FM radio broadcast at TV broadcast ay hindi maaaring mahulaan base sa teorya nang may kawastuhan. Para masuri ang electromagnetic na kapaligiran dahil sa mga fixed RF transmitter, isang electromagnetic site survey ang dapat na isinasalang-alang. Kung ang sinukat na field strength sa lokasyon kung saan ginamit ang AED ay lumampas sa naaangkop na lebel ng pagsunod ng RF sa itaas, ang ZOLL AED 3 defibrillator ay dapat na obserbahan para maberipika ang normal na operasyon. Kung ang abnormal na pagganap ay naobserbahan, ang karagdagang mga hakbang ay maaaring kinakailangan, tulad ng pag-reorient o pag-relocate sa AED.

^d Kung mas mataas sa frequency range na 150 kHz hanggang 80 MHz, ang mga field strength ay dapat na mas mababa sa 10 V/m.

Inirekomendang distansya ng paghihiwalay sa pagitan ng portable at mobile RF communications equipment at ang ZOLL AED 3 defibrillator

Ang ZOLL AED 3 ay inilaan para gamitin sa isang kapaligiran kung saan ang mga radiated RF disturbance ay kontrolado. Ang mga kustomer o ang user ng ZOLL AED 3 ay maaari makatulong na maiwasan ang electromagnetic interference sa pamamagitan ng pagpapanatili ng minimum na distansya sa pagitan ng portable at mobile RF communications equipment (mga transmitter) at ang ZOLL AED 3 tulad ng inirekomenda sa ibaba, ayon sa maximum na output power ng communications equipment.

Ang inirekomendang distansya ng paghihiwalay ay dapat ang distansya na kinalkula mula sa isa sa mga equation sa ibaba, o 30 cm, alinman ang mas malaki.

	Distansya ng paghihiwalay sa metro (m) ayon sa frequency ng transmitter			
Rated maximum output power ng transmitter sa watts (W)	150 kHz hanggang 80 MHz sa labas ng mga ISM band $d = 1.2 \sqrt{P}$	150 kHz hanggang 80 MHz sa mga ISM band $d = 1.2 \sqrt{P}$	80 MHz hanggang 800 MHz $d = 1.2 \sqrt{P}$	800MHz hanggang 2.7 GHz $d = 2.3 \sqrt{P}$
0.01	0.12	0.12	0.12	0.23
0.1	0.38	0.38	0.38	0.73
1	1.2	1.2	1.2	2.3
10	3.7	3.8	3.8	7.3
100	12	12	12	23

TANDAAN Ginagamit ng ZOLL AED 3 ang mga RF receiver para sa Wi-Fi operation (tingnan ang "Gabay sa Wireless Output at Deklarasyon ng Manufacturer" sa pahina 57). Maaaring humadlang ang ibang equipment sa ZOLL AED 3 mga Wi-Fi operation, kahit na sumusunod sa mga kinakailangan sa mga emisyon ng CISPR ang equipment na iyon.

Para sa mga transmitter na may antas na nasa maximum output power na hindi nakalista sa itaas, ang inirekomendang distansya ng paghihiwalay d sa metro (m) ay maaaring matukoy gamit ang equation na angkop sa frequency ng transmitter, kung saan ang P ang maximum output power rating ng transmitter sa watts (W) ayon sa manufacturer ng transmitter.

TANDAAN 1: Sa 80 MHz at 800 MHz, angkop ang distansya ng paghihiwalay para sa mas mataas na frequency range.

TANDAAN 2: Ang ISMO (pang-industriya, pang-agham at pangmedikal) na mga band sa pagitan ng 150 kHz at 80 MHz ay 6.765 MHz hanggang 6.795 MHz; 13.553 MHz hanggang 13.567 MHz; 26.957 MHz hanggang 27.283 MHz; at 40.66 MHz hanggang 40.70 MHz.

TANDAAN 3: Ang karagdagang salik na 10/3 sa pagkalkula ng inirekomendang distansya ng paghihiwalay para sa mga transmitter sa mga ISMO frequency band sa pagitan ng 150 kHz at 80 MHz at sa frequency range na 80 MHz hanggang 2.7 GHz para mabawasan ang posibilidad na ang mga mobile/portable communications equipment ay maging sanhi ng interference kung ito ay aksidenteng nadala sa mga lugar ng pasyente.

TANDAAN 4: Ang mga patnubay na ito ay maaaring hindi angkop sa lahat ng sitwasyon. Ang electromagnetic na pagpapalaganap ay apektado ng pagsipsip at repleksyon mula sa mga istruktura, bagay at tao.

TANDAAN Ginagamit ng ZOLL AED 3 ang mga RF receiver para sa Wi-Fi operation (tingnan ang "Gabay sa Wireless Output at Deklarasyon ng Manufacturer" sa pahina 57). Maaaring humadlang ang ibang equipment sa ZOLL AED 3 mga Wi-Fi operation, kahit na sumusunod sa mga kinakailangan sa mga emisyon ng CISPR ang equipment na iyon.

Mga Katangian ng Rectilinear Biphasic Waveform

Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga katangian ng Rectilinear Biphasic waveform kapag na-discharge sa 25 ohm, 50 ohm, 100 ohm, at 125 ohm na mga load sa maximum energy setting na 200 joules.

	Na-discharge sa 25 ohm load	Na-discharge sa 50 ohm load	Na-discharge sa 100 ohm load	Na-discharge sa 125 ohm load
Unang Yugto Maximum Initial Current	29 A	27 A	20 A	16 A
Unang Yugto Average Current	26 A	24 A	16 A	13 A
Unang Yugto Tagal	6 ms	6 ms	6 ms	6 ms
Tagal ng interphase sa pagitan ng una at pangalawang mga yugto	150 μsegundo	150 μsegundo	150 μsegundo	150 μsegundo
Maximum Initial Current sa Ikalawang Yugto	30 A	19 A	12 A	11 A
Average Current sa Ikalawang Yugto	18 A	14 A	10 A	9 A
Tagal ng Ikalawang Yugto	4 ms	4 ms	4 ms	4 ms


Talahanayan 8. Naipadalang Enerhiya sa Bawat Defibrillator Setting sa Saklaw ng mga Load

Load	Napiling Enerhiya					
	50 J	70 J	85 J	120 J	150 J	200 J
25Ω	37 J	54 J	57 J	86 J	109 J	139 J
50Ω	50 J	69 J	80 J	118 J	145 J	209 J
75Ω	61 J	82 J	97 J	134 J	166 J	196 J
100Ω	60 J	84 J	95 J	142 J	165 J	194 J
125Ω	57 J	80 J	91 J	133 J	155 J	178 J
150Ω	65 J	91 J	103 J	124 J	145 J	192 J
175Ω	60 J	84 J	95 J	116 J	135 J	177 J
Katumpakan	±15%	±15%	±15%	±15%	±15%	±15%


Ang pagiging epektibo ng Rectilinear Biphasic Waveform ng Zoll ay klinikal na naberipika noong isinasagawa ang pag-aaral sa Ventricular Fibrillation (VF) at Ventricular Tachycardia (VT) defibrillation. Ang pa-aaral na ito (na isinagawa gamit ang ZOLL M Series® defibrillators) at ang mga resulta ay inilalarawan sa ibaba. Dahil sinusunod ng Rectilinear Biphasic Waveform ng ZOLL AED 3 defibrillator ang parehong timing ng una at pangalawang yugto, katulad mga currents/mga boltahe ng una at pangalawang yugto at mahalagang kaparehong mga mekanismo sa pagkontrol ng defibrillation waveshape, ang ZOLL M Series at ZOLL AED 3 mga defibrillation waveform ay isinasaalang-alang na mahalagang katumbas.

Ang mga Figura 1 hanggang 6 ay nagpapakita ng mga ectilinear Biphasic waveform na nabuo noong ang ZOLL AED 3 defibrillator ay na-discharge sa mga load na 25, 50, 75, 100, 125, 150, and 175 ohms sa bawat setting ng enerhiya (200, 150, 120, 85, 70, at 50 joules).


Ang vertical axis ay nagpapakita ng current sa ampere (A); ang horizontal axis ay nagpapakita ng tagal sa millisecond (MS).




Larawan 1. Mga Rectilinear Biphasic Waveform sa 200 Joules




Larawan 2. Mga Rectilinear Biphasic Waveform sa 150 Joules




Larawan 3. Mga Rectilinear Biphasic Waveform sa 120 Joules



Larawan 4. Mga Rectilinear Biphasic Waveform sa 85 Joules



Larawan 5. Mga Rectilinear Biphasic Waveform sa 70 Joules



Larawan 6. Mga Rectilinear Biphasic Waveform sa 50 Joules

Mga Resulta ng Clinical Trial para sa M Series Biphasic Waveform

Ang bisa ng ZOLL Rectilinear Biphasic waveform ay klinikal na naberipika noong isinasagawa ang pag-aaral sa defibrillation ng Ventricular Fibrillation (VF) at Ventricular Tachycardia (VT). Isang feasibility study ang inisyal na isinagawa para sa defibrillation ng VF/VT (n=20) sa dalawang magkahiwalay na grupo ng mga pasyente para maseguro ang kaligtasan ng waveform at pagpili ng enerhiya. Kasunod, isang hiwalay na multicenter at randomized na clinical trial ang isinagawa upang maberipika ang bisa ng waveform. Ang deskripsyon ng pag-aaral na ito ay nasa ibaba. Ang pag-aaral at isinagawa gamit ang ZOLL mga defibrillation system na kinabibilangan ng ZOLL mga defibrillator, ang ZOLL Rectilinear Biphasic waveform, at ZOLL mga defibrillation pad.

Randomized Multicenter Clinical Trial para sa Defibrillation ng Ventricular Fibrillation (VF) at Ventricular Tachycardia (VT)

Pangkalahatang-ideya: Ang bisa ng defibrillation ng ZOLL Rectilinear Biphasic waveform ay nakumpara sa isang monophasic damped sine waveform sa isang prospektibo, randomized, at multicenter na pag-aaral ng mga pasyente na sumasailalim sa ventricular defibrillation para sa VF/VT habang isinasagawa ang electrophysiological na mga pag-aaral, mga ICD implant, at test. May kabuuang 194 na pasyente ang naka-enrol sa pag-aaral. Sampung pasyente na hindi nakamit ang lahat ng mga pamantayan ng protocol ang ibinukod sa pagsusuri, na nag-iwan ng 184 na populasyon sa pag-aaral.

Mga Layunin: Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay ikumpara ang unang bisa ng shock ng 120 J Rectilinear Biphasic waveform na may 200 J monophasic waveform. Ang pangalawang layunin ay ikumpara ang lahat ng bisa ng shock (tatlong magkakasanod na 120, 150, at 170 joules) ng Rectilinear Biphasic waveform na may monophasic waveform (tatlong magkakasanod na 200, 300, at 360 joules). Ang level ng kahalagahan na $p = 0.05$ o mas mababa ay itinuturing na estadistikang makabuluhan gamit Fischer's Exact test. Gayundin, ang mga pagkakaiba sa pagitan ng dalawang waveform ay itinuturing na estadistikang makabuluhan kapag ang nakasanayang 95% o ang inirekomenda ng AHA na 90%¹ na confidence interval sa pagitan ng dalawang waveform ay mas malaki kaysa sa 0%.

Mga Resulta: Ang populasyon sa pag-aaral na 184 pasyente ay may mean age na 63 ± 14 taon. Sa mga ito, 143 pasyente ay lalaki. 98 pasyente ang nasa biphasic group (ventricular fibrillation/flutter, n=80; ventricular tachycardia, n=18) at 86 pasyente ang nasa monophasic group (ventricular fibrillation/flutter, n=76; ventricular tachycardia, n=10). Walang masasamang pangyayari o mga pinsalang may kinalaman sa pag-aaral.

1. Kerber RE, et al., "Automated External Defibrillators for Public Access Defibrillation: Recommendations for Specifying and Reporting Arrhythmia Analysis Algorithm Performance, Incorporating New Waveforms, and Enhancing Safety," *Circ J Am Heart Assoc.* 1997;95:1677-1682.

"... iminumungkahi ng task force na para maipakita ang superyoridad ng alternatibong waveform sa batayang mga waveform, ang itaas na boundary ng 90% confidence interval ng pagkakaiba sa pagitan ng batayan at alternatibong mga waveform ay kailangang maging <0% (kung ang, alternatibo ay mas mataas sa batayan)."

Ang unang shock, unang bisa ng induction ng mga biphasic shock sa 120 J ay 99% kumpara sa 93% para sa mga monophasic shock sa 200 J ($p=0.0517$, 95% confidence interval ng pagkakaiba ng -2.7% hanggang 16.5% at 90% na confidence interval ng pagkakaiba ng -1.01% hanggang 15.3%).

	Monophasic	Biphasic
Bisa ng unang shock	93%	99%
p-value	0.0517	
95% na confidence interval	-2.7% hanggang 16.5%	
90% na confidence interval	-1.01% hanggang 15.3%	

Ang matagumpay na defibrillation gamit ang mga Rectilinear Biphasic shock ay nakakamit nang may 58% na mas mababang naihatid na current kaysa sa mga monophasic shock (14 ± 1 amperes kumpara sa 33 ± 7 amperes, $p = 0.0001$).

Ang pagkakaiba sa bisa sa pagitan ng mga Rectilinear Biphasic at monophasic shock ay mas malaki sa mga pasyente na may mataas na transthoracic impedance (mas malaki kaysa sa 90 ohms). Ang unang shock, unang bisa ng induction ng mga biphasic shock ay 100% kumpara sa 63% para sa mga monophasic shock para sa mga pasyente na may mataas na impedance ($p = 0.02$, 95% na confidence interval ng pagkakaiba ng -0.0217% hanggang 0.759% at 90% na confidence interval ng pagkakaiba ng 0.037% hanggang 0.706%).

	Monophasic	Biphasic
Unang bisa ng shock (mga pasyente na may mataas na impedance)	63%	100%
p-value	0.02	
95% na confidence interval	-0.0217% hanggang 0.759%	
90% na confidence interval	0.037% hanggang 0.706%	

Ang solong pasyente ay nangailangan ng pangalawang biphasic shock sa 150 joules upang makamit ang 100% na bisa kumpara sa anim na pasyente na nangailangan ng mga monophasic shock na hanggang 360 joules para sa 100% na kabuuang bisa ng defibrillation.

Kongklusyon: Ipinakikita ng data ang katumbas na bisa ng mga Rectilinear Biphasic shock na may mababang enerhiya kumpara sa karaniwang mga monophasic shock na may mataas na enerhiya para sa transthoracic defibrillation para sa lahat ng mga pasyente sa 95% na confidence level. Ipinakikita rin ng data ang superyor na bisa ng mga Rectilinear Biphasic shock na may mababang enerhiya kumpara sa karaniwang mga monophasic shock na may mataas na enerhiya sa mga pasyente na may mataas na transthoracic impedance sa 90% na confidence level. Walang hindi ligtas na mga kinalabasan o masasamang pangyayari dahil sa paggamit ng Rectilinear Biphasic waveform.

Preklinikal na Pag-aaral

Upang suportahan ang pedriyatikong paggamit para sa Rectilinear Bi-Phasic Waveform, isinumite ng ZOLL ang pre-kinikal na datos sa FDA bilang bahagi ng isang 510(k) na pagsusumite para sa AED Pro[®] na device nito (na inayos ng FDA sa ilalim ng K041892). Ang protocol para sa preklinikal na pag-aaral an ito, kasama ang buod ng mga resulta, ay isinumite sa FDA sa ilalim ng AED Pro PMA na aplikasyon (P160022). Ang buod ng pag-aaral na ito ay inilalahad sa ibaba.

Upang ipakita ang kaligtasan at bisa ng aming Rectilinear Bi-Phasic Waveform kapag ginamit para gamutin ang pedriyatikong VF na mga pasyente, nagsagawa ang ZOLL ng isang pag-aaral gamit ang isang porcine na modelo ng pedriyatikong mga pasyente na wala pang 8 taong gulang. Isinama ng pag-aaral na ito ang 18 biik na nasa tatlong (3) laki ng grupo (dalawang (2) hayop na may timbang na 4 kg, walong (8) hayop na may timbang na 8 kg, at walong (8) hayop na may timbang na 16 kg) at ikinumpara ang dosis ng defibrillation/mga response curve na sinusunod gamit ang iminungkahing biphasic waveform kasama ng lahat ng naobserbahan gamit ang karaniwang monophasic damped sine wave (DSW) defibrillator para gamutin ang ventricular fibrillation na pangmaikling panahon (~ 30 segundo). Ipinakita ng pag-aaral na ito na nadi-defibrillate ng biphasic waveform ang pediyatrikong mga baboy na may pantay na bisa ngunit mas mababang enerhiya (sa joules/kg na batayan) kaysa sa tradisyonal na mga monophasic damped sine wave defibrillator. Upang kumpirmahin ang kaligtasan ng iminungkahing biphasic waveform sa pediyatrikong mga pasyente, pinag-aralan namin at ikinumpara ang mga hakbang ng cardiac function bago at pagkatapos ng parehong mga DSW at Rectilinear Bi-Phasic Waveform defibrillation shock sa isang hanay ng mahahalang enerhiya. Ipinakita ng pag-aaral na nakabuo ang biphasic defibrillation ng katumbas o mas malumanay na mga pangangambala ng cardiac function kapag kinumpara sa tradisyonal na DSW defibrillation sa parehong mga enerhiya.

Isa pang pag-aaral sa hayop ang nagkumpara ng ZOLL rectilinear biphasic (RLB) waveform sa biphasic truncated exponential (BTE) waveform. Ang pag-aaral, gamit musmos na porcine model (n = 21), ay isang prospektibo, randomized, at kontroladong disenyo para matukoy ang mga response curve ng dosis para sa mga RLB at BTE defibrillation waveform. Ang hanay ng timbang na mula sa 4 hanggang 24 Kg para sa isang hayop ang kumatawan sa isang pediyatrikong pasyente. Ang timbang mula 4 hanggang 8 Kg ay kumatawan sa isang pasyente na wala pang 1 taong gulang (subgroup ng sanggol), at ang hanay ng timbang mula sa 16 hanggang 24 Kg ang kumatawan sa isang pediyatrikong pasyente sa pagitan ng edad na 2 at 8 taon (subgroup ng mga bata).

Ipinakita ng ZOLL RLB waveform ang superyor na kakayahan na ma-defibrillate ang isang pediyatrikong porcine model na may < 90% ng D50 na enerhiya na kinakailangan para sa isang BTE waveform (D50 na enerhiya: RLB 25.6 ± 15.7 J, BTE 28.6 ± 17.0 J, P = 0.0232; D90 na enerhiya: RLB 32.6 ± 19.1 J, BTE 37.8 ± 23.2 J, P = 0.0228).

Ang mga pagbabago sa bahagi ng ECG ST (mV) at mga pagbabago sa LV pressure (dP/DT) kasunod ng isang defibrillation shock ay ikinumpara sa pagitan ng RLB waveform sa BTE waveform. Ang RLB waveform ay nagkaroon ng karaniwang pagtaas sa bahagi ng ST na higit sa baseline na 0.138 ± 0.136 mV (N=401 shock) kumpara sa karaniwang pagtaas ng BTE waveform na 0.146 ± 0.148 mV (N=396 shock). Ang RLB waveform ay nagkaroon ng karaniwang dP/DT sa 40 mmHg na threshold (ang punto sa panahon na ang presyon ng dugo ng isang hayop ay biglaang lumampas sa 40 mmHg) ng 1987 ± 411 mmHg/s (N = 496 shock) kumpara sa mga karaniwang dP/DT na 2034 ± 425 mmHg/s (N = 496 shock) ng BTE waveform.

Nailimbag na Klinikal na Datos

Isinama ang karagdagang klinikal na datos sa PMA na aplikasyon P160022 para suportahan ang paggamit ng Rectilinear Bi-Phasic defibrillation waveform ng ZOLL sa labas ng ospital. Ang datos na iniulat ni Hess et al sa Resuscitation (82 (2011) 685–689) ay itinuturing na sapat para suportahan ang defibrillation waveform ng ZOLL sa kapaligiran sa labas-ng-ospital. Ang kinalabasang papel, “Peggana ng rectilinear biphasic waveform sa defibrillation ng kasalukuyan at umuulit na ventricular fibrillation: Isang prospektibong multicenter na pag-aaral,” ay isinama sa PMA na aplikasyon P160015. Ang buod ng pag-aaral ay nailahad sa ibaba:

Mga Layunin: Sinubukan ng pag-aaral ang haypotesis na ang tagumpay ng shock ay naiiba sa inisyal at umuulit na mga pangyayari ng ventricular fibrillation (VF).

Mga Pamamaraan: Mula Setiyembre 2008 hanggang Marso 2010, ang mga pasyente na nakaranas ng cardiac arrest at nasa labas ng ospital na may VF bilang inisyal na rhythm sa 9 na mga lugar ng pag-aaral ay na-defibrillate ng mga paramediko gamit ang isang rectilinear biphasic waveform. Ang tagumpay ng shock ay tinukoy bilang pagwawakas ng VF sa loob ng 5 s post-shock. Ginamit ng pag-aaral ang generalized estimating equation (GEE) na pag-aanalisa para masuri ang kaugnayan sa pagitan ng uri ng shock (inisyal kumpara sa defibrillation) at tagumpay ng shock.

Mga Resulta: Siyamnapu't apat na pasyente ang nagpresenta sa VF. Ang mean age ay 65.4 taon, 78.7% ay lalaki, at 80.9% ay nasaksihan ng nanonood. Bumalik ang VF sa 75 (79.8%). May 338 shock na naihatid para sa inisyal (n = 90) o umuulit (n = 248) na VF na magagamit para sa pagsusuri. Tinapos ng inisyal na mga shock ang VF sa 79/90 (87.8%) at ng kasunod na mga shock sa 209/248 (84.3%). An GEE odds ratio (OR) para sa uri ng shock ay 1.37 (95% CI 0.68–2.74). Pagkatapos ng pagsasaayon para sa mga potensyal na confounder, ang OR para sa uri ng shock ay nanatiling hindi mahalaga (1.33, 95% CI 0.60–2.53). Naobserbahan ng pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba sa ROSC (54.7% kumpara sa 52.6%, ganap na pagkakaiba 2.1%, p = 0.87) o ganap na neurolohikal na pagkakaligtas sa paglabas sa ospital (21.9% kumpara sa 33.3%, ganap na pagkakaiba 11.4%, p = 0.31) sa pagitan ng mga may umulit at hindi umulit na VF.

Mga Kongklusyon: Nawala ang kasalukuyang VF ng isang shock sa 87.8% ng mga kaso. Inobserbahan ng pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba sa frequency ng tagumpay ng shock sa pagitan ng inisyal at paulit-ulit na VF. Naulit ang VF sa karamihan ng mga pasyente at hindi naapektuhan nang masama ang tagumpay ng shock, ROSC, o kaligtasan.

Kawastuhan ng ECG Analysis Algorithm

Ang sensitivity at specificity ay mga ekspresyon ng pagganap ng ECG analysis algorithm kapag nakumpara sa interpretasyon sa ECG ng isang manggagamot o dalubhasa. Ang sensitivity ay tumutukoy sa kakayahan ng algorithm na kilalanin ng tama ang mga shockable rhythm (bilang porsyento ng kabuuang bilang ng mga shockable rhythm). Ang specificity ay tumutukoy sa kakayahan ng algorithm na matukoy ang mga non-shockable rhythm (bilang porsyento ng kabuuang bilang ng mga non-shockable rhythm).

Pamantayang Analysis Algorithm

Ang pamantayang ECG analysis algorithm sequence ay tumatagal nang humigit-kumulang anim hanggang siyam na segundo at nagpapatuloy tulad ng sumusunod:

- Hinahati ang ECG rhythm sa tatlong-segundong mga bahagi.
- Sinasala at sinusukat ang ingay at artifact.
- Sinusukat ang nilalaman ng baseline ('waviness' sa tamang mga frequency) ng signal.
- Sinusukat ang antas ng QRS, lapad, at pagkakaiba-iba.
- Sinusukat ang amplitude at temporal regularity ('auto-correlation') ng mga pagtaas at pagbaba.
- Tinutukoy kung ang dalawa sa tatlong bahagi ay shockable at pagkatapos ay hinihikayat ang user na gamutin ang pasyente.
- Itinitigil ang pag-aanalisa ng ECG matapos matukoy ang shockable rhythm at sinasabihan ang user na ang device ay handa ng maghatid ng shock.
- Hinihikayat ang user na bumalik sa CPR kung ang ECG rhythm ay natukoy na non-shockable.

Ang datos sa sumusunod na mga talahanayan ang nagbubuod sa kawastuhan ng ECG analysis algorithm na nasubok kumpara sa ECG Rhythm Database ng ZOLL.

Talahanayan 9. Mga Resulta ng Klinikal na Pagganap Gamit ang Pamantayang Analysis Algorithm (Adultong mga Pasyente)

Mga Rhythm	Halimbawang Sukat	Mga Layunin ng Pagganap	Inobserbahang Pagganap	90% One-sided na Mas Mababang Confidence Limit
Shockable		Sensitivity		
Coarse VF	536	>90%	>99%	>99%
Rapid VT	80	>75%	>98%	>94%
Non-shockable		Specificity		
NSR	2210	>99%	>99%	>99%
AF, SB, SVT, Heart block, idioventricular, PVCs	819	>95%	>99%	>99%
Asystole	115	>95%	>99%	>97%
Intermediate			Sensitivity	
Fine VF	69	Ulat lang	>94%	>87%
Ibang VT	28	Ulat lang	>99%	>89%

Talahanayan 10. Mga Resulta ng Klinikal na Pagganap (Pedriyatikong mga Pasyente)

Mga Rhythm	Halimbawang Sukat	Mga Layunin ng Pagganap	Inobserbahang Pagganap	90% One-sided na Mas Mababang Confidence Limit
Shockable		Sensitivity		
Coarse VF	42	>90%	>99%	>93%
Rapid VT	79	>75%	>99%	>96%
Non-shockable		Specificity		
NSR	208	>99%	>99%	>98%
AF, SB, SVT, Heart block, idioventricular, PVCs	348	>95%	>99%	>97%
Asystole	29	>95%	>99%	>90%
Intermediate				
Fine VF	0	Ulat lang	>NA	>NA
Ibang VT	44	Ulat lang	>81%	>69%

Talahanayan 11. Mga Kategoriya ng Rhythm Recognition Detector (Adultong mga Pasyente)

	VF at VT	Lahat ng Iba Pang mga ECG Rhythm
Shock	680	1
Non-shockable	5	3171

Ang isang tunay na positibo (680) ay isang tamang pag-uuri ng isang shockable rhythm. Ang isang tunay na negatibo (3171) ay isang tamang pag-uuri ng lahat ng mga rhythm kung saan ang shock ay hindi naipahiwatig. Ang isang maling positibo (1) ay isang organisado o dumadaloy na rhythm o asystole na maling nauri bilang isang shockable rhythm. Ang isang maling negatibo (5) ay isang VF o VT na kaugnay ng cardiac arrest na maling nauri bilang non-shockable.

Talahanayan 12. Mga Kategoriya ng Rhythm Recognition Detector (Pedriyatikong mga Pasyente)

	VF at VT	Lahat ng Iba Pang mga ECG Rhythm
Shock	121	10
Non-shockable	0	619

Ang isang tunay na positibo (121) ay isang tamang pag-uuri ng isang shockable rhythm. Ang isang tunay na negatibo (619) ay isang tamang pag-uuri ng lahat ng mga rhythm kung saan ang shock ay hindi naipahiwatig. Ang isang maling positibo (10) ay isang organisado o dumadaloy na rhythm o asystole namaling nauri bilang isang shockable rhythm. Ang isang maling negatibo (0) ay isang VF o VT na kaugnay ng cardiac arrest na maling nauri bilang non-shockable.

RapidShock ECG Analysis Algorithm (magagamit sa bersyon ng software na 03.03.xxx.yyyy at mas mataas)

RapidShock™ Nagbibigay ang ECG analysis algorithm ng napakabilis na desisyon kung may shock/walang shock. Inaanalisa nito ang ECG ng isang pasyente nang halos tatlong segundo lamang, na bumabawas sa kabuuang tagal ng pre-schock na halos apat hangang limang segundo lamang.

TANDAAN Ang RapidShock ay magagamit lamang sa Adult mode at kapag ang isa sa mga sumusunod na mga electrode ay ginagamit: CPR Uni-padz, CPR-D-padz, o CPR Stat-padz.

BABALA! Ang pagganap ng RapidShock ay hindi pa ipinapakita sa mga pasyente na walang 8 taon ang edad o mas mababa sa 25 kg.
--

Kapag nangyayari ang CPR cycle, inaanalisa ng RapidShock ECG analysis algorithm ang kalakip na baseline rhythm ng pasyente. Kasunod ng kongklusyon ng CPR cycle, ang RapidShock ECG analysis algorithm sequence ay tumatagal nang humigit-kumulang tatlong segundo at nagpapatuloy tulad ng mga sumusunod:

- Inaanalisa ang tatlong-segundong bahagi ng ECG rhythm
- Sinasala at sinusukat ang ingay at artifact
- Sinusukat ang nilalaman ng baseline ('waviness' sa tamang mga frequency) ng signal
- Sinusukat ang antas ng QRS, lapad, at pagkakaiba-iba

- Sinusukat ang amplitude at temporal regularity ('auto-correlation') ng mga pagtaas at pagbaba.
- Tinutukoy kung ang bahagi ay shockable, kinukumpirma ang resulta kumpara sa desisyon ng baseline, at pagkatapos ay hinihikayat ang user na gamutin ang pasyente.
- Itinitigil ang pag-aanalisa ng ECG matapos matukoy ang shockable rhythm at sinasabihan ang user na ang device ay handa ng maghatid ng shock.
- Hinihikayat ang user na bumalik sa CPR kung ang ECG rhythm ay natukoy na non-shockable.

Ang datos sa sumusunod na mga talahanayan ang nagbubuod sa kawastuhan ng RapidShock ECG analysis algorithm na nasubok kumpara sa ECG Rhythm Database ng ZOLL.

Talahanayan 13. Mga Resulta ng Klinikal na Pagganap Gamit ang RapidShock Algorithm (Pedriyatikong mga Pasyente)

Mga Rhythm	Halimbawang Sukat	Mga Layunin ng Pagganap	Inobserbahang Pagganap	90% One-sided na Mas Mababang Confidence Limit
Shockable		Sensitivity		
Coarse VF	342	>90%	>98%	>97%
Rapid VT	58	>75%	>98%	>94%
Non-shockable		Specificity		
NSR	419	>99%	>99%	>99%
AF, SB, SVT, Heart block, idioventricular, PVCs	1631	>95%	>99%	>98%
Asystole	841	>95%	>99%	>99%
Intermediate			Sensitivity	
Fine VF	50	Ulat lang	>92%	>82%
Ibang VT	51	Ulat lang	>96%	>88%

Gabay sa Wireless Output at Deklarasyon ng Manufacturer

RF Transmission Emitted (IEC 60601-1-2)

Ang ZOLL AED 3 yunit ay sumusunod sa IEC 60601-1-2 para sa medikal elektrikal na kagamitan at medikal elektrikal na mga sistema kabilang ang mga RF transmitter na tinukoy sa ibaba.

Pamantayan	Frequency Range	Epektibong Radiated Power	Uri ng Modulation	Mga Antas ng Datos
802.11b	2412-2472 MHz	100 mW	DSSS	1, 2, 5.5, 11 Mbps
802.11g	2412-2472 MHz	32 mW	OFDM	6, 9, 12, 24, 36, 48, 54 Mbps
802.11n	2412-2472 MHz	32 mW	OFDM	6.5, 13, 19.5, 26, 39, 52, 58.5, 65 Mbps
802.11a	5180-5320 MHz 5500-5700 MHz 5745-5825 MHz	32 mW	OFDM	6, 9, 12, 24, 36, 48, 54 Mbps
802.11n	5180-5320 MHz 5500-5700 MHz 5745-5825 MHz	32 mW	OFDM	6.5, 13, 19.5, 26, 39, 52, 58.5, 65 Mbps

Abiso ng FCC

Naglalaman ng FCC ID: MCQ-CCi.MX28 o MCQ-CCi.MX28N

Hindi inaprubahan ng ZOLL Medical Corporation ang anumang mga pagbabago o modipikasyon ng gumagamit sa device na ito. Maaaring mapawalang-bisa ng anumang mga pagbabago o modipikasyon ang awtoridad ng gumagamit na paganahin ang kagamitan. Tingnan ang 47 CFR Seksyon 15.21.

Ang device na ito ay sumusunod sa bahagi 15 ng Mga Panuntunan ng FCC. Ang pagpapagana ay nasa ilalim ng sumusunod na dalawang kondisyon: (1) Ang device na ito ay hindi maaaring magdulot ng mapaminsalang interference, at (2) ang device na ito ay dapat tumanggap ng anumang interference na nakuha, kabilang ang interference na maaaring maging sanhi ng hindi kanais-nais na pagpapagana.

TANDAAN Ang "Mapaminsalang interference" ay tinukoy ng FCC tulad ng sumusunod: Anumang emission, radiation, o induction na inilalagay sa panganib ang paggana ng radio navigation service o iba pang serbisyo sa kaligtasan o seryosong pinabababa, hinahadlangan, o paulit-ulit na pinipigilan ang radio communication service alinsunod sa mga patakaran ng FCC.

Ang user ay binabalaang panatilihin ang 20 cm ng espasyo mula sa produkto upang matiyak ang pagsunod sa mga kinakailangan ng FCC.

Canada, Mga Abiso ng Industry Canada (IC)

Naglalaman ng Model ConnectCard™ para sa i.MX28 Radio, IC: 1846A-CCi.MX28 o i.MX28N Radio, IC: 1846A-CCi.MX28N

Ang device na ito ay sumusunod sa license-exempt RSS na (mga) pamantayan ng Industry Canada. Ang pagpapagana ay nasa ilalim ng sumusunod na dalawang kondisyon: (1) ang device na ito ay hindi maaaring magdulot ng interference, at (2) ang device na ito ay dapat tumanggap ng anumang interference, kabilang ang interference na maaaring maging sanhi ng hindi kanais-nais na paggana ng device.

FCC/IC/EU: Ang device na ito ay limitado sa panloob na paggamit sa 5150 MHz hanggang 5250 MHz na band.

Mga Wi-fi Radio Certification (available sa software version 06.03.010.8791 at mas mataas)

Upang matukoy ang mga Wi-fi certification para sa radio na nasa device na ito:

1. Pindutin nang matagal ang button na **On/Off** sa loob ng hindi bababa sa 5 segundo para mapunta sa AED Management Mode.
2. Pindutin ang **icon ng Impormasyon**  sa kaliwang sulok sa ibaba ng screen upang magpatuloy sa pahina ng impormasyon.
3. Pindutin ang **button na View**  sa tabi ng MAC Address upang makita ang mga radio certification.

Halimbawa:



O:



Apendise C

Mga Accessory

Mga Aksesorya

Compatible ang mga sumusunod na aksesorya para gamitin kasama ang ZOLL AED 3 defibrillator. Para umorder ng anuman sa mga item na ito, makipag-ugnayan sa iyong lokal na kinatawan ng ZOLL.

TANDAAN Maaaring magresulta ang paggamit ng mga aksesorya bukod sa mga tinukoy sa apendiks na ito sa mga pagtaas ng emisyon o pagbaba ng immunity ng ZOLL AED 3 defibrillator.

Aksesorya	REF
<i>Mga Defibrillation Pad</i>	
• CPR Uni-padz	8900-000280
• CPR-D padz	8900-0800-01
• CPR Stat-padz	8900-0402
• Stat-padz II	8900-0801-01
• Pedi-padz II	8900-0810-01
• OneStep Basic Electrodes na may Berdeng Connector	8900-000250-05
• OneStep CPR A/A Electrodes na may Berdeng Connector	8900-000251-05
• OneStep Pediatric Electrodes na may Berdeng Connector	8900-000252-05
<i>Battery</i>	
• AED 3 Pack ng Baterya	8000-000696

Aksesorya	REF
<i>Mga Lalagyan sa Pagdala</i>	
• Lalagyan ng Baterya	8000-001251
• Kapalit na Strap sa Balikat	8000-001252
• Lalagyan ng AED 3 Lalagyan	8000-001250
• Maliit na Matigas na Plastic na Lalagyan	8000-001253
• Malaking Matigas na Plastic na Lalagyan	8000-001254
<i>Mga Wall Mount/Cabinet</i>	
• Standard Surface na Wall Cabinet	8000-001256
• Semi-recessed na Wall Cabinet	8000-001257
• Fully-recessed na Wall Cabinet	8000-001258
• Device Wall Mount Bracket	8000-001255
• Case Wall Mount Bracket	8000-001266
• Strobe para sa Standard Surface na Wall Cabinet	8000-001259
• Strobe para sa Semi/Fully-recessed na Wall Cabinet	8000-001267
<i>Mga Wall Sign</i>	
• ILCOR Flush na Wall Sign (AED)	8000-001260
• ILCOR 3D na Wall Sign (AED)	8000-001261
• ILCOR Flush na Wall Sign (DAE)	8000-001262
• ILCOR 3D na Wall Sign (DAE)	8000-001263
• ILCOR Flush na Wall Sign (DEA)	8000-001264
• ILCOR 3D na Wall Sign (DEA)	8000-001265
<i>Simulation/Pagsasanay</i>	
• ZOLL AED na Simulator	8000-000925
• Pagsasanay sa CPR Uni-padz	8900-000284
<i>Dokumentasyon</i>	
• ZOLL AED 3 Manwal ng Operator	9650-003750-74

Apendise D

Mga Setting ng Configuration

Pangkalahatang-ideya

Inilalarawan ng seksyong ito ang mga setting na nakukumpigura para sa ZOLL AED 3 defibrillator. Ang mga setting ng kumpigurasyon ay maaaring piliin nang manu-mano sa pamamagitan ng paggamit ng LCD touch screen, o awtomatikong ikumpigura sa pamamagitan ng pagbabasa ng file ng kumpigurasyon na direkta mula sa USB flash drive.

TANDAAN Ang mga modipikasyon sa default na kumpigurasyon ay maaaring makaapekto sa buhay ng baterya ng ZOLL AED 3 defibrillator. Komunsulta sa iyong lokal na kinatawan kung mayroon kang anumang mga tanong.



Device Configuration icon

Pindutin ang icon ng Kumpigurasyon ng Device para ma-access ang window ng kumpigurasyon. Para mag-import ng file ng kumpigurasyon mula sa USD flash drive, tingnan ang "Pag-import ng mga File Gamit ang USB Flash Drive" sa pahina 16.



Supervisor Icon ng Pag-access

Mayroong dalawang lebel ng mga setting ng kumpigurasyon: user at supervisor. Ang mga setting ng supervisor ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng icon ng Supervisor Access. Kailangan mo ng pass code para ma-access ang advanced na mga setting na ito (ang default na passcode ay nakalista sa ibaba "I-set ang Passcode ng Supervisor" sa pahina 64). Pindutin ang mga icon sa screen para ma-access ang mga setting ng kumpigurasyon sa ibaba. Matapos mong ma-set up ang iyong AED para magamit, inirerekomenda ng ZOLL na gumawa ka ng bagong supervisor passcode.

Setting ng User/ Supervisor	Paglalarawan	Mga value
Wika  Tandaan: Ang setting na ito ay magagamit din ng Supervisor user.	Ang user na makukumpigura para sa isang wika (hanggang tatlong posibleng wika depende sa napiling kompigurasyon ng device).	• Wika 1 (default) • Wika 2 • Wika 3

Setting ng User/ Supervisor	Paglalarawan	Mga value
<i>Mga Prompt ng Lay Rescuer</i>  Tandaan: Ang setting na ito ay magagamit din ng Supervisor user.	Kapag pinagana (ON), nagi-isyu ang AED ng sumusunod na mga audio at text prompt matapos ang pagkumpleto ng power-on sariling pagsusuri at pagpasok sa clinical mode. MANATILING KALMADO SURIIN ANG PAGTUGON HUMINGI NG TULONG Tandaan: Kung naka-preattach na ang mga defibrillation pad sa pasyente, hindi na iniisyu ang mga prompt na ito.	• NAKA-ON (default) • NAKA-OFF
<i>Suriin ang mga Prompt ng Paghinga</i>  Tandaan: Ang setting na ito ay magagamit din ng Supervisor user.	Pinapayagan kang paganahin ang mga prompt na suriin ang paghinga, “Buksan ang Daanan ng Hangin at Suriin ang Paghinga”, batay sa mga gabay sa gusto mong sundin. Kapag hindi pinagana (NAKA-OFF), hindi na-isyu ang mga prompt na ito. Tandaan: Kung naka-preattach na ang mga defibrillation pad sa pasyente, hindi na iniisyu ang mga prompt na ito.	• NAKA-ON • NAKA-OFF (default)
<i>Decimal Mark ng Lalim ng CPR</i>  Tandaan: Ang setting na ito ay magagamit din ng Supervisor user.	Pinapayagan kang i-set ang decimal separator ng lalim ng CPR sa tuldok o kuwit.	• Tuldok • Kuwit Tandaan: Nakadepende ang default value sa pangunahing wika ng AED.
<i>Mga Unit ng Sukat sa Lalim ng CPR</i>  Tandaan: Ang setting na ito ay magagamit din ng Supervisor user.	Pinapayagan kang itakda ang unit ng pagsukat sa lalim ng CPR sa mga inch o centimeter.	• Mga Pulgada--in • Mga Sentimetro--cm Tandaan: Nakadepende ang default value sa pangunahing wika ng AED.
<i>Petsa</i>  Tandaan: Ang setting na ito ay magagamit din ng Supervisor user.	Pinapayagan kang manu-manong i-set ang petsa sa AED.	Buwan/Araw/Taon

Setting ng User/ Supervisor	Paglalarawan	Mga Value
Oras  Tandaan: Ang setting na ito ay magagamit din ng Supervisor user.	Pinapayagan kang manu-manong i-set ang oras at tukuyin ang time zone. Kapag <i>ang Auto Adjust para sa Daylight Savings</i> ay pinagana (NAKA-ON), awtomatikong mag-aadjust ang 24 oras na orasan ng AED para sa Daylight Savings Time. Tandaan: Kailangan mong pumili ng time zone para gumana ang setting na ito.	• 00:00:00 • Linya ng petsa • American Samoa • Hawaii • Alaska • N. A. Pacific • N. A. Mountain • N. A. Central • N. A. Eastern (default) • Cuba • Colombia • Venezuela • Atlantic (kasama ang Puerto Rico at Virgin Islands) • Paraguay • Newfoundland • Chile • Falkland Islands • Greenland • Brazil (São Paulo) • Mid Atlantic (kasama ang silangang baybayin ng Brazil) • Azores • UTC • Western Europe • Central Europe • Namibia • Algeria • Eastern Europe • Egypt • Lebanon • Syria • Kaliningrad • Iraq • Moscow • Arabia • Iran • Samara • Afghanistan • Western Asia • Yekaterinburg • India • Central Asia • Omsk • Southeast Asia • Krasnoyarsk • Irkutsk

Setting ng User/ Supervisor	Paglalarawan	Mga Value
<i>Oras (cont'd)</i>  Tandaan: Ang setting na ito ay magagamit din ng Supervisor user.		• China • W. Australia • Japan (kasama ang Korea) • Yakutsk • Central Australia • E. Australia • Vladivostok • Central Pacific (kasama ang Guam) • Srednekolymysk • New Zealand • Kamchatka
Setting ng Supervisor (Advanced)	Paglalarawan	Mga Value
<i>Bilang ng Mga Klinikal na Kaso</i> 	Itinatakda ang bilang ng mga kaso ng pasyente na naka-imbak sa nonvolatile na memory.	• 1 • 2 (default)
<i>Pagrekord ng Audio (ZOLL AED 3 BLS model lamang)</i> 	Pinapagana ang pagrerekord ng audio sa Rescue Mode.	• ON • NAKA-OFF (default)
<i>Display ng Device (ZOLL AED 3 BLS model lamang)</i> 	Pinapayagan kang mamili ng impormasyon sa LCD screen habang naka-clinical use. Lay User -- Ipinapakita ang mga text prompt at graphics. CPR Lamang - Ipinapakita ang mga text prompt at CPR Dashboard sa CPR cycle. CPR at ECG - Ipinapakita ang mga text prompt, at ritmo ng ECG ng pasyente, at ang CPR Dashboard sa CPR cycle.	• Lay na User • CPR Lang • CPR at ECG (default)
<i>I-set ang Passcode ng Supervisor</i> 	Pinapayagan kang baguhin ang passcode na ginamit para pumasok sa Supervisor mode. Tandaan: Ipinapadala ang AED kasama ang default passcode ng Supervisor na 123456. Inirerekomenda ng ZOLL na baguhin mo ang default na passcode sa sandaling kumpleto na ang bagong pag-setup ng device. Isulat ang bagong passcode sa linya sa ibaba at ilagay ang dokumento na ito sa isang ligtas na lokasyon para may reperensiya ka sa hinaharap.	• Anim na mga numeric digit

Setting ng Supervisor (Advanced)	Paglalarawan	Mga Value
<i>Device ID</i> 	Pinapayagan kang mag-input ng alpha-numeric device identifier.	Labing-isa na mga alpha-numeric digit
<i>Na-on USB Self Test Push</i>  <i>(Software version 06.03.xxx.yyyy at higit pa)</i>	Kapag pinagana ang opsyon ito (NAKA-ON), ang AED ay awtomatikong nagpapadala ng datos ng sariling pagsusuri sa isang wastong USB flash drive pagkatapos ng isang sariling pagsusuri. Tandaan: Ang USB flash drive ay dapat na naka-install nang maayos sa konektor ng USB sa likod ng device.	- NAKA-ON - NAKA-OFF (default)
Setting ng User/Supervisor	Paglalarawan	Mga Value
<i>I-export ang mga File</i>  Tandaan: Available din ang setting na ito sa pangkalahatang user.	Puwede kang mag-upload ng mga file mula sa AED papunta sa isang USB na flash drive o sa pamamagitan ng isang wireless na koneksyon. Tandaan: Ang mga kumpigurasyon na file ay nase-save lang sa USB at hindi sa pamamagitan ng Wi-Fi.	- Mga Klinikal na Archive (lahat) - Mga Klinikal na Archive (bago) - Kasaysayan ng Device - Configuration
<i>I-import ang mga File</i> 	Maaari kang mag-download ng mga file mula sa isang USB flash drive papunta sa AED.	- Configuration - Software ng System - Mga Root Certificate - Language File
Setting ng Supervisor	Paglalarawan	Mga Value
<i>Mga Setting ng Adult Energy</i> 	Itinatakda ang antas ng enerhiya sa joules para sa matandang pasyente para sa una, pangalawa, at pangatlong shocks.	Shock 1 120 J (default) 150 J 200 J Shock 2 120 J 150 J (default) 200 J Shock 3 120 J 150 J 200 J (default)
<i>Mga Setting ng Enerhiya para sa Bata</i> 	Itinatakda ang antas ng enerhiya sa joules para sa batang pasyente para sa una, pangalawa, at pangatlong shocks.	Shock 1 50 J (default) 70 J 85 J Shock 2 50 J 70 J (default) 85 J Shock 3 50 J 70 J 85 J (default)

Setting ng Supervisor	Paglalarawan	Mga Value
<i>Huminga sa Panahon ng CPR Prompt</i> 	Kapag pinagana ang pagpipiliang ito (NAKA-ON), ang AED ay may mga prompt <i>BIGYAN NG DALAWANG PAGHINGA</i> bawat 30 kinikilalang compression para sa mga matandang pasyente (at bawat 15 kinikilalang compression para sa mga batang pasyente (software version 03.03.xxx.yyyy at higit pa)).	• ON • NAKA-OFF (default)
<i>Ituloy ang CPR Prompt</i> 	Ang "Continue CPR" prompt ay paulit-paulit kada "N" segundo (base sa <i>Prompt ng CPR Interval</i>) kung ang mga compression ng CPR ay tumitigil sa pagitan ng CPR interval. Kapag ang pagpipiliang ito ay hindi pinagana (NAKA-OFF), ang "Continue CPR" prompt ay hindi lalabas sa panahon ng CPR Period.	• NAKA-ON (default) • NAKA-OFF
